

PANGUNGUNA



Salamat sa iyo, Kapatid na Williams. Pagbati, Kapatid na Salano at sa kaniyang asawa, at sa lahat ng mga delegado na narito sa bangkete na ito ngayong gabi. Talagang isa itong malaking pribilehiyo na maparito. Inasam-asam ko ang oras na ito mula pa noong magsimula kami papunta sa dakong ito.

² At ako—nais kong magpasalamat doon sa binibini. Hindi ko maisip ang pangalan niya, kasasabi lang sa akin ni Billy na binigyan nila ako ng isang kahon ng kending Pampasko, at kadadala lang nito sa kotse kani-kanina. Ang kapatid na babae, hindi ko maisip ang pangalan niya, tagarito siya sa California. Iyan ang una kong pamaskong regalo. Kaya ako—nagpapasalamat ako sa iyo para dito.

³ Ngayon, sa gabing ito'y... Sa Tucson ngayon ay sampung minuto na makalipas ang ikasiyam, pero sa palagay ko sampung minuto makalipas ang ikawalo pa lamang dito. Kaya tayo... Medyo nakakaramdam ako sa mga tao, ako'y medyo napapahaba sa pangangaral, kaya ako—hangad ko... [Nagpapalakpakan ang kongregasyon—Pat.] Salamat sa inyo. Lubhang isang... ilang kalugod-lugod na mga tao ang naririto. Nagpapasalamat ako sa inyo.

⁴ Nguni't ako'y—medyo napagod lang ako nang kaunti sa pangangaral, halos, ngayong gabi, bumibiyahe ako nang napakahaba mula—mula Shreveport at sa iba't ibang panig ng bansa (papunta rito) gabi-gabi, at ikaw lamang ay medyo—medyo natagtag, alam n'yo na, at giniginaw, at namamalat ang iyong lalamunan. Nagsimula ako sa Shreveport. Nawalan ako ng buhok noong ako ay... ilang taon na ang nakararaan. At may maliit akong peluka na isinusuot ko kapag nangangaral ako sa dakong hilaga, para maiwasang magkasipon. Nagtungo ako sa Shreveport at nakalimutan iyon, at talagang nagkasipon ako. Ang mga hangin paparating nang paganiyan, hindi mo talaga basta malalaman. Natanggal iyon nang di sinasadya, at malambot pa 'yung balat, at pagpawisan lang nang kaunti at talagang nagkaroon ako nito sa lalamunan; kinailangang tapusin na agad 'yung maraming pagtitipon. Kaya medyo malat ako nang kaunti ngayong gabi.

⁵ Nais naming sabihin na nagkaroon kami ng isang napakagandang pagkakataon sa pagpunta sa dakong ito, gayun man, sa mga pagtitipon. Nagkaroon kami ng isang napakagandang pagkakataon kagabi doon sa... kasama ang mga kapatid, doon, sa kabilang sangay. At talagang nagkaroon ng napakaraming tao doon at kahanga-hangang bilang ng mga dumalo, napakamapitagan ng mga tao at kalugod-lugod. Kaya

talagang napakabuti sa pakiramdam ko na maging kabahagi ng Full Gospel Business Men. Ito'y naging . . .

⁶ Mayroon akong Mensahe, na nararamdaman ko, mula sa Dios. Medyo kakatwa ito sa ilang mga tao. At di ko makayang maging hindi . . . Sadyang kailangan kong maging kung ano ako. At tayo . . . Hindi ko nais na maging iba, kaso nga lang ako ay—ako'y nabubuhay sa isang nagbabagong panahon. Tayo'y . . .

⁷ Hangga't itinatayo n'yo ang pader sa isang tuwid na direksyon, ayos lang lahat ito, ang—ang mga taga-salansan ng laryo ay makapaglilagay mismo sa hanay. Nguni't kapag kinailangan n'yo nang lumiko sa sulok, 'yan ang oras kung saan . . . At hindi tayo nagtatayo ng isang pader; nagtatayo tayo ng isang bahay, nakita n'yo, kaya kailangang dumating ang mga paglikong ito. Dumating ang mga ito sa kapanahunan ni Martin Luther, John Wesley, at ng kapanahunan ng Pentecostal; narito itong muli. Kaya tayo . . . mahirap magpaliko sa mga sulok. Datapuwa't lubos akong nagpapasalamat para . . . sa Dios, kahit na gaano pa ito kahirap noon pa, tumugon ang mga tao nang isandaang porsiyento. Kaya labis kaming nagpapasalamat, salamat sa bawa't isa sa inyo.

At ngayon bago natin buksan ang Aklat, makipag-usap tayo sa May-akda, kung maaari sana, saglit lamang, habang iniyuyukod natin ang ating mga ulo:

⁸ Minamahal na Dios, pinasasalamat na Ka namin sa gabing ito para sa pribilehiyong makilala si Jesus Cristo (na aming Tagapagligtas) na Iyong Anak, sa walang bayad na pagpapatawad sa aming mga kasalanan, at ang malaman na sapat ang Kaniyang Dugo na nagtakip ng lahat ng aming mga kasalanan at aming mga katampalasan. Lubos na silang nabura at itinapon sa dagat ng pagkalimot ng Dios at ang Kaniyang Nobya ay titindig sa Hapunan ng Kasalan, na malinis, walang-bahid, upang pakasalan ang Anak ng Dios. Gaano Ka namin pinasasalamat para dito sa lahat ng kasapatan at sa pananampalatayang maalaman na hindi kami nagtitiwala sa aming sariling mga kagalingan kundi sa Kaniyang kagalingan lamang, para sa Kaniyang ginawa para sa amin. Lubos po kaming nagpapasalamat.

⁹ Salamat po sa Iyo para sa—sa tagumpay na tinamo ng mga kapatid na ito sa ibayong dagat at sa mga bansa sa dakong iyon kung saan sila'y nangagugutom at nangauuhaw sa Dios. Dalangin ko, Panginoon, na kung muli silang babalik, na 'yung mga bata na kanilang dinala sa Kaharian ay maging mga lola-sa-tuhod at mga lolo-sa-tuhod ng mga batang kanila rin namang dadalhin. Loobin ito, Ama.

¹⁰ Pagpalain Mo po kaming sama-sama, ngayong gabi, at bigyan nawa kami ng Espiritu Santo ng mga bagay na aming kinakailangan. Itikom po ang aming mga bibig sa mga bagay

na hindi namin dapat sabihin, at buksan ang aming mga puso upang tanggapin kung ano ang Iyong sasabihin sa amin. Loobin ito, Ama. Aming dalangin sa Pangalan ni Jesus. Amen.

¹¹ Ngayon magbukas tayo sa Biblia sa isang munting teksto na nais kong ipangusap para sa ilang sandali ngayong gabi, at masusumpungan ito sa San Marcos, sa ika-10 kabanata.

¹² At nagkaroon ako . . . Ilang taon na ang nakararaan kapag mangungusap ako, ako ay—hindi ko na kailangan pang magtala, kaya ko itong tandaan. At hindi ko na kailangang magsuot ng isang pares ng salamin upang mabasa ito mula sa Biblia. Nguni't dahil lampas na ako ng bente-singko ngayon, nang dalawang beses, at kaya medyo may kahirapan na para sa akin na—na gawin ito gaya ng dati kong ginagawa. At para itong isang karagkarag na na kotse, datapuwa't tumatakbo pa rin ako. Uh-huh, nais ko na patuloy na pumupugak-pugak hanggang sa ito'y . . . mapunta na ako sa bunton ng iskrap para maihulma na muli. 'Yan ang pangako.

¹³ San Lucas, ang ika-10 kabanata, at simulan sa . . . sa palagay ko ay nasabi ko ang ika-21 talata, kung makikita ko ito dito saan man. Nagkamali ako, San Marcos pala ito. Pasensiya na.

¹⁴ San Marcos, ang ika-10 kabanata, at ang—ang dalawampu- . . . simula sa ika-21 talata, ang nais kong basahin. Kunin natin ang ika-17 talata, sa halip:

At nang siya'y umalis na lumalakad sa daan, ay may isang tumakbong lumapit sa kaniya, at lumuhod sa harap niya, at siya'y tinanong, sinasabi, Mabuting Guro, ano ang gagawin ko upang ako'y magmana ng buhay na walang hanggan?

At sinabi sa kaniya ni Jesus, Bakit tinatawag mo akong mabuti? walang mabuti kundi isa lamang, at iyon, ang Dios.

Nalalaman mo ang mga utos, Huwag kang mangalunya, Huwag kang pumatay, Huwag kang magnakaw, Huwag kang sumaksi sa di katotohanan, Huwag kang magdaya, Igalang mo ang iyong ama at ina.

At sinabi niya sa kaniya, Guro, ang lahat ng mga bagay na ito'y aking ginanap mula sa aking kabataan.

At sabi . . . At pagtitig sa kaniya ni Jesus ay giniliw siya, at sinabi sa kaniya, Isang bagay ang kulang sa iyo: yumaon ka, at ipagbili mo ang lahat mong tinatangkilik, at, ibigay mo sa dukha, at magkakaroon ka ng mga kayamanan sa langit: at pumarito ka, at pasanin ang iyong krus, sumunod ka sa akin.

Datapuwa't siya'y nahapis sa sabing ito, at siya'y yumaong namamanglaw: sapagka't siya'y isang may maraming pag-aari.

At pagpalain nawa ng Panginoon ang pagbasa ng Kaniyang Salita.

¹⁵ Ngayon, mangungusap tayo sa gabing ito tungkol sa isang paksa. Nais kong ang maging teksto ko ay “Sumunod Ka Sa Akin,” at ang paksa ko: *Pangunguna*.

¹⁶ Ngayon kakatwa ito, nguni't naisip ko marahil, ngayon sa pananalangin. . . At inabot ako nang napakatagal, at bawa't gabi diyan mismo sa linya ng Mensahe na mayroon ako, na ibinigay ng Dios upang ipangusap ko. Naisip ko ngayong gabi, dito sa bagong sangay, na tatalakayin ko ito sa ibang pananaw. At maraming beses na napag-usapan na natin ang tungkol dito, tinawag itong, “Ang Mayamang Batang Pinuno.” At—at marami sa mga ministro dito, na mga kapatiran ko, ay walang dudang tinalakay na ito sa maraming iba't ibang paraan. At nais ko itong talakayin sa isang—isang naiibang paraan ngayong gabi kaysa sa pagtalakay ko dati, itong tungkol sa *Pangunguna*.

¹⁷ Ito, tandaan ito, na ang bawa't isa sa atin, bata at matanda, ang unang paghakbang na ginawa n'yo sa buhay ninyo, may kailangang umakay sa inyo. Tama 'yan. At ang inyong huling paghakbang na gagawin ninyo, may isang aakay sa inyo. May isang dapat manguna.

¹⁸ Itinulad tayo ng Dios sa mga tupa. At kung may isa mang nakakaalam tungkol sa pag-aalaga ng mga tupa at sa kalikasan ng mga tupa, aba, alam n'yo na hindi kayang hanapin ng isang tupa ang kaniyang daan kung saan man. Kailangan siyang akayin. Maging sa mga katayan ng hayop, nakikita nating dinadala nila roon ang tupa at inaakay siya sa katayan sa pamamagitan ng isang kambing. Isang kambing ang umaakay sa kaniya, pagkatapos kapag nakarating na siya sa dulo ng padulasan ay lumulundag na ito palabas, at magtutuloy-tuloy mismo 'yung tupa sa katayan. Kaya sila. . . Napag-aalaman natin na hindi kayang hanapin ng isang tupa ang daan niya kung saan man.

¹⁹ Naaalala ko ang isang karanasan na nagkaroon ako sa isa, minsan. Dati akong bantay ng estado sa pangangaso sa Indiana, at nasa trabaho ako noon sa labas; at may narinig ako, na pinakakahabag-habag na iyak. At isa itong—isang munting kordero, na—naligaw mula sa nanay niya. At hindi niya mahanap ang daan patungo sa kaniya, at hindi mahanap ng ina ang daan niya patungo sa—sa munting kordero. Binuhat ko ang munting nilalang, at gaano siya katahimik na nakasandal sa akin. Nagtungo ako doon, hawak-hawak ng mga kamay ko ang naturang munting nilalang. At umiiyak, at—at narinig ko siya.

Kung paano na lang niya isiniksik ang kaniyang munting ulo sa akin at para bang alam niya na ako—ako—tutulungan ko siya.

²⁰ Naisip ko, “O Bato ng mga Kapanahunan, nabiyak para sa akin, buhatin Mo ako sa mga bisig ng Panginoong Jesus, mapanatag lamang dahil nalalaman kong ako’y—ako’y Uuwi na upang makasama ang mga mahal ko sa buhay.” Naisip ko, “Sa hangganan ng paglalakbay ng aking buhay, dalhin lamang ako sa Iyong mga bisig, Panginoon, gaya niyaon. Na alam kong dadalhin ako sa kabila ng ilog sa panahong iyon, doon sa kabilang dako kung saan wala nang mga kalungkutan at mga sakit, at ganung mga bagay, at makakapiling ko na ang aking mga mahal sa buhay na minahal ko.”

²¹ At kung pag-aaralan ninyo ang kalikasan, may isang dakilang bagay sa kalikasan. Lahat ng aking—ng tingnan ko, at ginawa ng Dios, Siya ang May-akda ng kalikasan. Kumikilos ang kalikasan nang walang pagbabago. Ang buong kalikasan ay kumikilos nang walang pagbabago. Mapapansin ninyo, lahat ng bagay . . . Gaya nga ng sinabi ko, sa palagay ko’y kagabi, na, “Pinatotohanan ng kalikasan ang Dios.” Kung hindi pa kayo nagkakaroon ng Biblia, maaari n’yo pa ring masdan ang kalikasan at malaman na ang Bibliang ito ang Katotohanan.

²² Ako—nagkaroon ako ng pribilehiyong maikot at malibot ang mundo. At nabasa ko na ang iba’t ibang pagbabago, at nakita ko na ang iba’t ibang mga relihiyon; ang mga Mohammedan, at nabasa ko na ang Koran, at—at nakakita na ako ng mga Sikh, ng mga Jain, at mga Mohammedan, at ng mga Buddhist, at kung anu-ano pa. Nguni’t gayunman, bawa’t isa sa kanila, may pilosopiya sila at isang—isang—isang—isang aklat ng kredo at isang aklat ng mga batas, at iba pa. Nguni’t ang Biblia natin ang Katotohanan, at ang ating Dios ang tanging Nag-iisa na tama; ’pagkat bawa’t isa sa kanila ay kailangang magturo sa isang puntod sa kung saan man kung saan nananatiling nakahimlay pa rin ang kanilang tagapagtatag, datapuwa’t nakaturo ang Cristianismo sa isang bukas na puntod at kayang mabuhay sa Presensiya ng Isa na inilagay noon doon. Buhay Siya! Hindi Ito isang Dios ng *noon*, isa Itong Dios ng *kasalukuyan*. Hindi isang “*Ako noon*” o “*Ako bukas*,” kundi “**AKO NGA**.”

²³ At lahat ng kalikasan ay kumikilos nang walang pagbabago, gaya nga ng sinabi ko, sa pagtalakay ng tungkol sa ating Mga Kapanahunan ng Iglesya (na mayroon na tayong mga aklat na lalabas na). Ang . . .Bakit ba ako . . .tungkol sa isinulat ko na Mga Kapanahunan ng Iglesya. At kung paanong nakikita natin ang Iglesya, kung paano Ito gumulang, naging talagang ganap na katulad ng ginagawa ng buong kalikasan.

²⁴ At pinag-uusapan natin noong isang araw ang tungkol sa kung papaanong sumisikat ang araw sa umaga, isa itong munting sanggol, talagang mahina, wala man lang gaanong

lakas dito. At habang nagpapatuloy ang araw, ito'y mas lumalakas, nang lumalakas pa. Mga alas-otso pumapasok ito sa paaralan, gaya ng isang batang lalaki o batang babae. At pagkatapos mga alas-onse ay nakalabas na ito ng paaralan, at handa na ito para sa—sa paglilingkod nito. At pagkatapos pakabila hanggang sa mga bandang alas-tres ay nagbabago na ito, sa kalagitnaang gulang patungo na sa katandaan. At pagkatapos ay namamatay na sa hapon. Iyan na ba ang wakas ng araw? Hindi. Bumabalik itong muli kinaumagahan, upang magpatotoo na mayroong isang buhay, isang kamatayan, isang paglilibing, isang pagkabuhay na muli. Kita n'yo? Kita n'yo?

²⁵ Pinagmamasdan natin ang mga puno, kung paano sila gumagalaw at kung ano ang ginagawa nila. Naroon ako noong minsan sa Kentucky, ako—mahilig akong mangaso ng squirrel, at nagtungo ako roon noong taglagas ng taon upang mangaso ng squirrel kasama ang isang kaibigan ko. At ito'y . . . natuyo nang sobra.

²⁶ At ang sinoman na nakapangaso na ng kulay-abong squirrel, ay nalalaman kung gaano kahirap masalisihan ang mga iyon. Kapag, ang—ang mga dahon, lumagitik lang ang isa, at, oh, si Houdini ay isang baguhang salamangkero sa pagtakas kumpara sa—sa mga nilalang na 'yon, kung paano nila kayang tumakas! At pagkatapos sinisikap na i-bull's eye sa pagbaril sa layong limampung yarda, nangangailangan ng kahusayan sa pamamaryl para makakuha ng takdang dami na maaaring hulihin sa isang araw.

²⁷ Kaya, si G. Wood, isang kaibigan ko, isang—isang Saksi ni Jehovah na nagbalik-loob na, ay kasama ko. At kami . . . Sabi niya, “May alam akong isang bukid sa gawing ito kung saan may isang lalaki na may napakaraming . . .” Tinatawag namin 'yan dun na “mga hollar.”

²⁸ Ilan ang nakakaalam kung ano ang *hollar*? Buweno, saang bahagi kayo ng Kentucky nagmula, nga pala? Kita n'yo? At tagariyan ako.

²⁹ Gaya dito sa isa sa mga sangay, di pa katagalan; kailangan ko itong sabihin kay Kapatid na Williams at sa kanila, sa mga kapatid. Sabi nila, “Magsisitayo tayo ngayon at aawitin ang pambansang awit—awit.”

³⁰ At sabi ko, “*For my old Kentucky home.*” Kaya walang isa mang sumabay sa akin, kaya . . . Iyan lang ang nag-iisang pambansang awit na alam ko. At kaya tayo ay—tayo ngayon ay . . .

³¹ Ayos lang, ginoo. [Inabutan si Kapatid na Branham ng isang maikling sulat—Pat.]: “Pakiusap na maipanalangin po sana, ang isang babae na narito ngayon na nagdurugo ang ilong.”

Manalangin tayo:

³² Minamahal na Dios, hinihiling ko po sa Iyo, Panginoon, Ikaw ang—ang dakilang Tagapagpagaling at hinihiling ko na sa Iyong biyaya't habag ay hipuin ang mahal na babaeng ito ngayon nga at patigilin ang dugong iyon. Gaya ng mga taong nananampalataya na nagkakatipong magkakasama, nagtungo po rito ang binibini upang makigalak sa Salita ng Panginoon at sa pakikisama sa mga tao, at hinihiling ko po sa Iyo, Panginoon, sa sandaling ito, na sawayin ang kaaway at pahintuin ang dugo. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen. (At nananampalataya tayo rito...?....)

³³ Sa pagpapatuloy nung maikling kuwento para medyo magkaroon ng isang pagpapadama bago tayo tuluyang dumako sa ilang mga tala na isinulat ko dito, at ilang Kasulatan.

³⁴ Ngayon sabi niya, “Buweno, itong matandang lalaki, magtungo tayo doon at tingnan siya. Mayroon siyang napakaraming mga hollar sa lugar niya,” sabi niya, “pero isa siyang di-sumasampalataya.” Sabi niya, “Kung...Halos pagmumumurahin lang niya tayo pag nagpunta tayo doon.”

³⁵ Sabi ko, “Pero wala tayong nakukuhang mga squirrel dito. Dalawang linggo na tayong nagkakampo.” At marumi na kami, at puno na ng balbas ang mukha.

³⁶ At sabi niya, “Buweno?”

Sabi ko, “Pumunta tayo doon.”

³⁷ Kaya bumaba kami nang ilang milya, mga dalawampung milya. Nakapunta na ako sa lalawigang 'yon isang beses dati, nang tatlong gabi, sa isang Metodistang kamento kung saan gumawa ng ilang mga dakilang bagay ang Panginoon, at malaking gawain sa pagpapagaling sa mga taga-Methodist. At pagkatapos nagtungo kami doon sa ilang malalayong mga burol at mga hollar at mga tagaytay. At talagang kailangang alam n'yo ang Kentucky para malaman ito, kung anong uri ng lugar ang kailangang puntahan n'yo. At habang pabalik na kami roon ay pumunta kami sa isang bahay, at nakaupo doon ang isang matandang lalaki, dalawang matatandang lalaki, na nakaupo roong nakatakip ang lumang sombrero sa kanilang mukha, at— at sabi niya, “Hayun siya,” sabi niya, “matigas ang isang 'yan.” Sabi, “Kinamumuhian niya ang salitang iyon na ‘mangangaral,’” sabi niya.

³⁸ Kaya sabi ko, “Buweno, mabuti pa'y maupo na lang ako sa kotse, o hindi na talaga tayo makapangangaso.” Sabi ko, “Pumasok ka na at tanungin siya kung puwede ba tayong mangaso.”

³⁹ Kaya bumaba siya at nagsimulang maglakad papasok, kinausap niya sila. At sa Kentucky, palagi, alam n'yo na, ito'y “tuloy ka” at iba pa. At kaya tumuloy siya doon at sinabi niya, “Naisip ko lang po na baka puwede kaming mangaso sandali sa lugar n'yo.”

40 Nakaupo doon ang matandang lalaki, mga pitumpu't limang taong gulang, nakasindi 'yung tabako sa bibig nito, sabi nito . . . dumura, at sabi nito, "Ano'ng pangalan mo?"

Sabi niya, "Wood po ang pangalan ko."

Sabi nito, "May kaugnayan ka ba sa matandang lalaking Jim na nakatira dati . . ."

Sabi niya, "Opo, anak ako ni Jim." Sabi, "Ako si Banks. Oho."

41 "Buweno," sabi nito, "isang matapat na tao ang matandang lalaking Jim." Sabi, "Puwedeng-puwede, gawin mo lang kahit wala nang paalam." Sabi nito—sabi, "Ikaw lang bang mag-isa?"

Sabi niya, "Hindi, nandoon sa labas ang pastor ko."

Sabi nito, "Ano?"

Sabi niya, "Nandoon po sa kotse 'yung pastor ko," sabi, "kasama ko siyang nangangaso."

42 Sabi nito, "Wood, 'wag mong sabihing masyado ka nang nagpakababa hanggang sa kailangang magsama ka pa ng isang mangangaral kahit saan ka magpunta?"

43 Isa pala siyang magaspang, na matandang tao, kaya naisip ko na mabuti pa'y bumaba na ako ng sasakyan, alam n'yo na. Kaya lumabas na ako at naglakad-lakad, at sabi niya, "Buweno, at isa ka palang mangangaral, huh?"

44 Sabi ko, "Opo, ginoo." Tiningnan niya ako nang pataas at pababa; dugo ng squirrel, at putik. Sabi niya—sabi niya . . . Sabi ko, "Hindi gaanong mukhang ganoon."

45 Sabi niya, "Buweno, medyo ganiyan nga ang gusto ko." Sabi niya, "Alam mo, may gusto akong sabihin sa iyo." Sabi niya, "Ipinapalagay ako na isang ateista!"

46 Sabi ko, "Opo, ginoo, nauunawaan ko 'yan." Sabi ko, "Sa tingin ko'y hindi naman ito gaano para ipagmalaki, gayunman. Di po ba?"

47 At sabi niya, "Buweno," sabi niya, "hindi ko alam." Sabi niya, "Sasabihin ko sa 'yo kung ano'ng tingin ko sa mga kagaya n'yo."

Sabi ko, "Sige po."

48 Sabi niya, "Tumatahol kayo sa maling puno." At ilan ang nakakaalam kung ano'ng ibig sabihin niyan? Kita n'yo? Isang sinungaling na aso ang ibig sabihin nito, nakita ninyo; wala naman talaga doon sa itaas ang raccoon, kita n'yo. Sabi niya, "Tumatahol kayo sa maling puno."

Sabi ko, "Kaniya-kaniyang opinyon po 'yan."

49 At sabi niya, "Buweno," sabi niya, "tingnan mo, nakikita mo ba 'yung lumang tsimenea na naroroon doon sa itaas?"

"Opo."

50 “Ipinanganak ako doon, pitumpu’t limang taon na ang nakararaan.” At sabi, “Tumira ako dito mismo sa mga burol na ito, sa buong palibot, sa haba ng lahat ng mga taong ito.” At sabi, “Natingnan ko na ang kalangitan, tumingin na ako dito at doon, at, sigurado, sa buong pitumpu’t limang taong ito, dapat sana’y nakakita na ako ng isang bagay na wari ba ay Dios. Hindi ba sa palagay mo?”

51 Sabi ko, “Buweno, depende po ito sa kung ano ang tinitingnan n’yo, kita n’yo, o kung ano ang hinahanap n’yo.”

52 At sabi niya, “Buweno,” sabi niya, “ako—hindi talaga ako naniniwala na may ganiyang nilalang. At naniniwala ako na ang mga kagaya n’yo ay basta na lamang yumayaon at dinadaya ang mga tao sa kanilang mga pera at lahat na. At ganiyan nga ang kalakaran dito.”

53 Sabi ko, “Buweno, isa kayong mamamayan ng Amerika, may karapatan kayo sa sarili n’yong—sariling kaisipan.”

54 Sabi niya, “Merong isang lalaki, minsan, na narinig ko,” sabi niya, “na tiyak kong . . . Kung siya . . . Kung makakausap ko lamang ang taong ’yun,” sabi, “gusto ko na—na magtanong sa kaniya ng ilang mga katanungan.”

Sabi ko, “Siyanga, po.”

55 Sabi niya, “Isa itong mangangaral, kilala mo marahil siya.” Sabi, “Nagkaroon siya noon ng isang pagtitipon dito sa Campbellsville, hindi pa katagalan, sa bakuran ng isang iglesya riyang, isang kampamento.” At sabi niya, “Nakalimutan ko na ang pangalan niya.” Sabi, “Taga-Indiana siya.”

At—at sabi ko, “Oh? Siyanga, po.”

56 At sinimulang sabihin ni Kapatid na Wood, “Buweno, aking . . .” (“Wag mong sabihin ’yon.”) At kaya sabi niya . . .

Sabi ko, “Ano naman ang tungkol sa kaniya?”

57 Sabi niya, “Buweno,” sabi niya, “may matandang babae . . .” (kung sino) “doon sa itaas ng burol . . .” Sabi, “Alam mo, mamamatay na siya noon sa kanser.” At sabi, “Nagpupunta ’yung asawa ko at ako doon pagka umaga para—para palitan ang higaan niya.” Sabi, “Ni hindi na nga nila siya maiangat nang maayos para mailagay siya sa ihian,” sabi, “kailangan na lang humatak ng isang pansapin.” At sabi, “Mamamatay na siya noon. Nagtungo na siya sa Louisville, at ang sabi’y isinuko na siya ng mga doktor at sinabi na ‘mamamatay na siya.’

58 “At nagtungo sa pagtitipon ’yung kapatid niyang babae, at sabi, ‘Nakatayo doon sa entablado ’yung mangangaral, tumingin sa gawi ng mga tagapakinig at tinawag itong babae sa pangalan, at sinabi sa kaniya, “Nang umalis siya, kumuha siya ng isang panyo at inilagay ito sa kaniyang—kaniyang maliit na bag.” At tinawag ang pangalan ng babaeng ito na nandito, dalawampung milya sa ibaba dito, at sinabi kung paano siya pinahihirapan ng

kanser, kung anong pangalan niya, at lahat ng pinagdaanan niya; sabi, “Dalhin mo ang panyong iyon at ipatong iyon sa naturang babae,” at sinabi na “gagaling ang babae sa kaniyang kanser.””

⁵⁹ At sabi, “Nagtungo sila doon nang gabing iyon.” Sabi, “Totoo, nakarinig ako ng pinakanakapangingilabot na tili doon. Akala ko hinayaan na nila ang Salvation Army doon sa ituktok ng burol. Sabi, ‘Buweno,’ sabi ko, ‘sa palagay ko’y pumanaw na ang matandang kapatid na babae.’ Sabi, ‘Tayo’y . . . Pupunta tayo bukas at sasakay sa bagon, at kung paano natin siya dadalhin palabas para madala sa pinaka daan,’ at sinabi, ‘para madala nila siya sa tagapangasiwa ng libing.’ At sinabi na ang . . . Naghintay kami. Hindi kailangang umakyat sa ganoong oras ng gabi.” Sabi, “Mga isang milya ito dito sa itaas ng burol.” Sabi, “Umakyat kami doon kinaumagahan, at alam mo ba kung ano ang nangyari?”

Sabi ko, “Hindi, po.”

⁶⁰ Sabi niya, “Nakaupo siya doon na kumakain ng piniritong empanadang mansanas, at umiinom ng kape, kasama ng asawa niya.”

Sabi ko, “Totoo ba ’yan?”

Sabi niya, “Oo, ginoo.”

“Oh!” sabi ko. “Ngayon, ginoo, hindi n’yo talaga ibig sabihin ’yan.”

⁶¹ Sabi niya, “Ang bumabagabag sa akin ay kung ano . . . paano ginawa nung tao, at hindi pa nakapunta sa lalawigang ito, at nalaman ’yon.” Kita n’yo?

At sabi ko, “Oh, hindi kayo naniniwala diyan.”

Sabi niya, “Iyon ang totoo.”

Sabi ko, “Naniniwala kayo diyan?” Kita n’yo?

⁶² Siya—sabi niya, “Buweno, magtungo ka mismo doon sa itaas ng burol, kaya kong patunayan ’yon sa ’yo.” Siya na ang nangangaral sa akin ngayon, nakita ninyo.

⁶³ Kaya ako—sabi ko, “Um-um.” Pumitas ako ng mansanas, at—at sabi ko, “Puwede po bang akin na lang ang isa sa mga mansanas na ’to?” at ipinunas ko ito sa damit ko.

⁶⁴ Sabi niya, “Buweno, kinakain na ’yan ng mga putakti, sa palagay ko puwedeng sa iyo na ’yang isa.” At pagkatapos . . . At sabi ko ngayon, “Buweno, . . .” Ako—kumagat ako . . . kinagatan ko ito, at sabi ko, “Isang mainam na mansanas ’yan.”

⁶⁵ Sabi niya, “Ay, oo.” Sabi, “Alam mo kung ano? Itinanim ko ’yang puno na ’yan diyan, oh, apatnapung taon na ang nakalipas, o mga ganiyan nga.”

Sabi ko, “Oh, siyanga?”

“Oo, ginoo.”

66 At sabi ko, “Buweno, at bawa’t taon . . .” Sabi ko, “Napansin ko wala pa tayong nagyeyelong hamog, bungad na ng Agosto.” At sabi ko, “Nalalagas na ang mga dahong iyon sa mga puno.”

67 “Oo, nga. Tama ’yan, dumarating ito sa taglagas. Palagay ko magkakaroon tayo ng isang mas maaga ngayon.”

68 Sabi ko, “Siyanga, po.” Iniba ang usapan, nakita n’yo. At sabi niya . . . Sabi ko, “Buweno, alam n’yo, kakatwa iyon,” sabi ko, “kung paano nawawala ’yung dagtang iyan diyan sa puno.” Sabi ko, “At nalalagas ’yung mga dahon, at gayunma’y walang . . . sila—wala pa silang nagyeyelong hamog para patayin ang dahon.”

69 At sabi niya, “Buweno,” sabi niya, “ano naman ang kinalaman niyan sa pinag-uusapan natin?”

70 At sabi ko, “Buweno, ako—nagtataka lang ako.” (Alam n’yo na, laging sinasabi ni nanay, “Bigyan mo ng sapat na lubid ang baka at sasakalin nito ang sarili nito, alam mo.” Kaya binigyan ko lang siya ng maraming lubid.)

71 Kaya nagpatuloy pa siya, at sabi niya, “Buweno, oo, ano’ng kaugnayan niyan dito?”

72 Sabi ko, “Alam n’yo, pinalilitaw ng Dios iyang mga mansanas na ’yan, at nasisiyahan kayo sa mga mansanas na iyan at mga dahon, at nauupo kayo sa—sa lilim at iba pa. Bumababa ito tuwing taglagas ng taon at,” sabi ko, “bumabalik muli ito sa itaas na may mga mansanas at may mga dahon ulit.”

73 At sabi niya, “Oh, kalikasan lang iyan. Kita mo, kalikasan lang ’yan.”

74 Sabi ko, “Buweno, siyempre, kalikasan ’yan.” Sabi ko, “Kalikasan ’yan, pero kailangang may Isang kumukontrol sa kalikasan.” Kita n’yo, ako . . . sabi niya . . . “Sabihin n’yo sa akin ngayon kung ano’ng gumagawa niyan?”

75 At sabi niya, “Buweno, ito lang—natural lang na kalikasan.”

76 Sabi ko, “Sino iyon na nagsabi diyan sa munting dahon ngayon, at sa . . .?” Sabi ko, “Ngayon, ang dahilan na nalalagas ang dahon na iyan, ay sapagka’t bumababa ang dagta doon sa ugat. At paano kung nanatili ang dagta doon sa itaas ng puno sa buong panahon ng taglamig? Ano ang mangyayari?”

77 Sabi, “Papatayin nito ang puno.”

78 “Buweno,” sabi ko, “ngayon, anong karunungan na nagpapapunta diyan sa dagta pababa doon sa mga ugat, ang nagsasabi, ‘Umalis ka na dito ngayon, parating na ang taglagas ng taon, bumaba ka na sa mga ugat at magtago’? At mananatili doon sa mga ugat na gaya ng isang libingan; at pagkatapos sa susunod na tagsibol ay muling babalik sa itaas, maghahatid ng mas maraming mga mansanas, at maghahatid ng mas maraming mga dahon at mga gayong bagay.”

⁷⁹ Sabi niya, “Kalikasan lang ’yan, gagawin nito iyon.” Sabi, “Ang panahon! Ang pagbabago, alam mo na, na dumarating pag taglagas.”

⁸⁰ Sabi ko, “Maglagay kayo ng isang timbang tubig sa poste doon sa labas, at tingnan kung pabababain ito ng kalikasan sa ilalim ng poste at dadalhin itong muli paakyat. Kita n’yo?” Kita n’yo?

“Buweno,” sabi niya, “maaaring may punto ka.”

Sabi ko, “Pag-isipan n’yo ’yon habang nangangaso kami.”

At sabi niya, “Buweno,” at sabi niya, “mangaso kayo kung saan ninyo gusto.”

⁸¹ At sabi ko, “Sa pagbabalik ko, kung masasabi n’yo sa akin kung anong karunungan ang nagpapadaloy sa dagtang iyan mula diyan sa puno pababa sa mga ugat, upang manatili sa buong taglamig at muling bumalik sa susunod na taglamig, sasabihin ko sa inyo na iyan din ang siyang Karunungan na nagsabi sa akin tungkol doon sa naturang babae doon sa itaas.”

Sabi, “Nagsabi sa ’yo?”

Sabi ko, “Opo, ginoo.”

Sabi niya, “Hindi ikaw ’yung mangangaral na ’yon!”

Sabi ko, “Malalaman n’yo kaya ’yung pangalan niya?”

Sabi, “Oo.”

Sabi ko, “Branham?”

Sabi niya, “Siya ’yon.”

Sabi ko, “Iyan—tama po ’yan.” Kita n’yo?

⁸² At alam ninyo kung ano? Naakay ko ang matandang lalaki na iyon kay Cristo, doon mismo sa sarili niyang patotoo.

⁸³ At isang taon ang nakalipas ay naroon ako at inihinto ang isang kotse (lisensiya ng Indiana ang nakalagay doon) sa bakuran. Lumipat na sila, pumanaw na siya. At kaya noong bumalik ako, naroong nakatayo ang asawa niya para talagang pagalitan ako; akala ko ay may pahintulot ako na mangaso. At lumabas siya doon, sabi niya, “Hindi ka ba marunong magbasa?”

⁸⁴ Sabi ko, “Opo, ginang.” Sabi niya, “Nakita mo ba ’yung mga karatulang nagsasabing ‘Bawal mangaso!’?”

⁸⁵ Sabi ko, “Opo, ginang, pero,” sabi ko, “ako—meron po akong pahintulot.”

⁸⁶ “Wala kang pahintulot!” sabi niya. At sabi, “Nilagyan namin itong lugar—lugar ng karatula nang maraming taon na.”

⁸⁷ Sabi ko, “Buweno, kapatid, ako—nagkamali ako kung gayon, paumanhin po.”

⁸⁸ At sabi, “Walang pau-paumanhin! Iyang mga lisensiya ng Indiana na nakalagay riyon, at hihinto dito, kayo ang pinakamapangahas na mga tao!”

Sabi ko, “Maaari ko po bang ipaliwanag muna ito?”
Sabi ko . . .

Siya, “Sino’ng nagbigay sa ’yo ng pahintulot?”

⁸⁹ Sabi ko, “Hindi ko po alam basta . . .” Sabi ko, “Isang matandang lalaki iyon na nakaupo doon sa balkonahe, noong narito ako noong nakaraang taon, at pinag-uusapan namin ang tungkol sa Dios.” Kita n’yo?

At tumingin siya, sabi niya, “Ikaw ba si Kapatid na Branham?”

At sabi ko, “Opo, ginang.”

⁹⁰ Sabi niya, “Patawarin mo ako. Hindi ko alam kung sino ka.” Sabi niya, “Gusto kong sabihin sa ’yo ang patotoo niya. Sa mga huling oras ng kaniyang pag-aagaw-buhay, itinaas niya ang kaniyang mga kamay at pinapurihan ang Dios.” Sabi, “Namatay siya sa pananampalatayang Cristiano, at dinalang patungo sa Dios.” Kita n’yo?

⁹¹ “Kung mangagsitahimik ang mga ito, ang mga bato’y agad na sisigaw.” May kung anong bagay sa kalikasan.

⁹² Masdan ang mga ibon, masdan ang mga hayop, masdan ang lahat ng bagay, at masdan ninyo ang kalikasan.

⁹³ Masdan ang munting kalapati kung paano siya lumilipad. Talagang isang kakaibang ibon siya, kita n’yo. Siya—wala siyang anumang apdo, hindi niya kayang kumain na gaya ng kaya ng isang uwak. Kita n’yo? Wala siyang apdo sa loob niya. Hindi niya kailangang maligo sa—sa—sa tubig, sapagka’t mayroon siyang isang bagay sa loob niya; nililinis siya nito mula sa loob palabas, nakita ninyo.

⁹⁴ Ganiyan nga ang Cristiano. Ganiyang isinagisag ng Dios ang Sarili Niya, sa isang—sa isang—sa isang kalapati. Kita n’yo, sapagka’t . . . at ang . . . isinagisag si Jesus bilang isang Kordero. Tuwina sa kalikasan ay masusumpungan ninyo ang Dios. At inihalintulad tayo ng Dios sa tupa na kailangang akayin. Napansin n’yo ba doon, nangaral ako ng isang sermon tungkol dito kamakailan lang? Na bumaba ang Kalapati sa Kordero, upang akayin ang Kordero, at inakay Siya Nito sa katayan. Ang—ang—ang Kalapati! Ngayon, kung iyang Kordero . . . Hindi maaaring makababa ang Kalapating iyon sa ibang uri ng hayop, sapagka’t kailangan nila parehas na maging nasa iisang kalikasan. Kita n’yo? Kung dumapo ang Kalapati sa isang lobo, at baka sumingasing ito o umangil, ang Kalapati ay tiyak na lumipad na.

⁹⁵ Buweno, ganiyan rin ngayon. At ang ating mga masasamang gawi, ang Espiritu Santo ay tumatalilis na lamang at lumalayo.

Kailangan itong magkaroon ng iisang kalikasan. Ang ibon ng mga Kalangitan, ang kalapati; ang pinakamaamong hayop sa lupa, ang kordero; magkakasundo silang dalawa. At kapag dumarating sa atin ang Espiritu Santo at ginagawa tayong mga bagong nilalang, kung magkagayo'y maaari na Niya tayong akayin. Nguni't sinisikap nating ipamuhay ang dating buhay, hindi ito uubra! Hindi talaga ito uubra.

⁹⁶ Ngayon, ang unang hakbang marahil na ginawa ninyo sa buhay ninyo, nangungusap tungkol sa pangunguna, ay ang mga kamay marahil ng isang mabuting kaibig-ibig na *nanay*. Ang mga kamay na iyon marahil ay nananatili pa ngayong gabi, nandito sa labas sa isang sementeryo sa kung saan man, nguni't iyon ang kamay na humawak sa inyo sa paghambang ninyo ng unang hakbang.

⁹⁷ Nang matapos kayong turuan ng nanay kung paano maglakad, at makagagawa kayo ng ilang mga hakbang saka madadapa, at babangon, at akala ninyo gumagawa na kayo ng mga dakilang bagay, saka niya kayo ipinagkatiwala sa *gurong pampaaralan*. Pagkatapos ay siya naman ang nagsimulang umakay sa inyo tungo sa isang edukasyon; sa kung paano at ano ang dapat ninyong gawin, at kung paano kayo dapat matuto, at—at iba pang gaya niyan.

⁹⁸ Nang matapos na kayong turuan ng inyong pampaaralang guro, saka kayo bumalik, ang inyong *ama* naman ang humawak sa inyo. Pagkatapos nang mahawakan na kayo ng inyong ama, itinuro marahil niya sa inyo ang inyong negosyo; kung paano maging isang matagumpay na negosyante, kung paano gawin ang mga bagay nang tama. Tinuruan kayo ng inyong ina kung paano maging isang—isang maybahay, kung paano magluto, at iba pang bagay na gaya niyan.

⁹⁹ Nang matapos nila kayong turuan, saka kayo nahawakan ng inyong *ministro o pari*.

¹⁰⁰ Nguni't sino *ngayon* ang umaakay sa inyo? Iyan ang tanong ngayon. Ngayon, pinangungunahan tayong lahat ng isang bagay ngayong gabi. Tayo nga. Pinangungunahan tayo. Pansinin!

¹⁰¹ Ngayon tingnan natin itong kabataang lalaking. . . kung ano ang nakaimpluwensiya sa kaniya. Tingnan natin ang. . . itong batang negosyante ang itatawag natin sa kaniya, pagka't isa siyang negosyante. Isa siyang dakila't matagumpay na tao. Tingnan natin ang kaniyang mga tagapanguna.

¹⁰² Marahil, una, tinuruan siya ng kaniyang ina habang isang munting bata pa ng mga bagay na dapat niyang gawin. Ginawa siya ng kaniyang ama na isang napakainam na tagumpay, at iniwanan marahil siya ng—iniwanan siya ng pamana, sapagka't siya mismo ay isang namumuno; wala na marahil ang kaniyang ama, kaya siya ay isang—isang negosyante. Isa siyang. . . Tawagin natin siya, ngayon, tulad ng isang negosyanteng

Cristiano; o, isa siyang relihiyosong negosyante, sa palagay ko ang pinakamabuting katawagan.

¹⁰³ Relihiyoso ang taong ito, siya sa anumang paraan ay hindi isang ateista. At tinuruan siya ng kaniyang ina kung paano gumawa ng tama, kung paano lumakad, kung paano damitan ang kaniyang sarili. Tinuruan siya ng kaniyang ama, ng isang malaking negosyo, at kung paano maging isang matagumpay na tao; at naging matagumpay ang kaniyang negosyo. At lumaki ang kaniyang ama at ina na maka-iglesya, at itinuro siya sa saserdote. At ginawa siya ng saserdote na isang tunay na relihiyosong tao. Kung kaya't isa siyang mahusay na edukadong tao, isa siyang mabuting bata na may mabuting pag-uugali.

¹⁰⁴ Kung tiningnan siya ni Jesus Cristo at kinalugdan siya, mayroon ngang isang bagay na totoo tungkol sa naturang bata. Tama. Sapagka't sinabi ng Biblia dito, napag-aalaman natin sa Marcos, "At pagtitig sa kaniya ni Jesus, ay giniliw siya." Oo, "Pagtitig sa kaniya ni Jesus, ay giniliw siya." Kaya samakatuwid talaga ngang may isang bagay na totoong katangi-tangi tungkol dito sa bata pang lalaki. Isa siyang . . . may mabuting pag-uugali, at marka ng isang mabuting pag-uugali. Isa siyang lalaki na pinalaki nang tama; marunong, listo, matalino, matagumpay sa negosyo, at isang relihiyosong tao. Napakarami niyang mabubuting katangian na namumukod-tangi, na anopa't natawag nito ang pansin ni Jesus Cristo ang Tagapagligtas. Nguni't nang maharap siya, palibhasa'y matagumpay sa lahat ng ibang mga bagay na ito . . .

¹⁰⁵ Walang nauwi sa mali; talagang tinabas siya sa tama, sinukat sa tama, marunong, wastong edukasyon, ang tagumpay niya, listo siya, isang mahusay na negosyante, kasapi marahil sa isang grupo ng mga negosyante sa isang dako roon sa Palestina. Maaaring naging kasapi siya sa isang samahan ng mga negosyante gaya ng mayroon tayo rito ngayong gabi, walang dudang siya nga, sapagka't ang mga negosyante ay laging nakikisalamuha sa iba, sa isa't isa.

¹⁰⁶ Dahil gaya nga ng "mga ibon na magkatulad ng balahibo," may mga bagay silang napagkukuwentuhan. At kung itong . . . Ang mga relihiyosong tao, ayaw nilang magkuwentuhan tungkol sa taong nagpapatakbo ng barikan at ng . . . magkakasama silang lahat, pagka't wala silang anumang bagay na magkatulad. Kailangang magkaroon tayo ng mga bagay na magkatulad. Kaya ang mga Cristiano ay may mga bagay na katulad ng sa mga Cristiano; ang mga makasalanan ay may mga bagay na katulad ng sa—sa mga makasalanan; at—at ang mga kapisanan, at ano man sila, may mga bagay silang magkatulad. At itong bata pang lalaki marahil ay kasapi sa isang—isang samahan ng mga negosyante.

107 At siya'y napakarelihiyoso talaga, sapagka't si Jesus, nang tanungin siya dito, sabi niya, "Tinupad ko ang mga utos na ito, ginanap ang lahat ng mga ito mula pa noong aking kabataan." Tama 'yan.

108 Kita n'yo, pinalaki siya nang tama, tinuruan ng tama, at lahat na. Nguni't nang maharap siya sa—sa kaisipang tungkol sa Buhay na Walang Hanggan. . . Ngayon gusto kong pansinin ninyo, sa kabila ng lahat ng katangiang ito na tinaglay niya, nalalaman pa rin niyang hindi siya nagtataglay ng Buhay na Walang Hanggan.

109 Ngayon, lahat ng ating mga kapisanan, ating iglesya, ating kinaaaniban at mga bagay na labis nating pinahahalagahan, ang ating mga kapisanan ng mga Amerikano, at lahat na, ay napakainam, walang anumang dapat sabihin na laban diyan. At ang ating samahang Christian Business Men dito, ay isang malaking bagay, naging isang bukas na pintuan ito para sa akin upang. . . sa aking mga kaisipang bukas sa lahat ng denominasyon na "tayo'y mga Cristiano."

110 Walang isa man (walang isa mang denominasyon) ang maaaring umangkin sa atin, isang tunay na Cristiano, sapagka't kayo'y pag-aari ng Dios. Gawa ng tao ang mga denominasyon, at hulog ng Langit ang Cristianismo. Nguni't sa kabila ng lahat ng mga bagay na ito na tinaglay natin, gaano man sila kabuti, kasing inam man ng pagdalo natin nang magkakasama, at kasing buti man ng mga pagtitipong mayroon tayo, at pang-unawang panlipunan na mayroon tayo, gayunma'y nahaharap ang bawa't isa sa atin sa *Buhay na Walang Hanggan*. At kahit na gaano pa man tayo naging matagumpay sa negosyo, gaano pa man tayo nagtagumpay, at gaano pa man tayo kadakilang miyembro ng iglesya, at gaano pa man tayo magtrabaho, gaano pa man natin sikaping gawin ang mga bagay nang tama, gayun pa man, kung hindi iyon ginawa sa tamang paraan, iyon ay isang walang kabuluhang pagsamba sa Dios.

111 Inuri 'yan ni Jesus sa gayon ding paraan, habang tumitigil ako sandali rito. Sabi Niya, "Sa walang kabuluhan ninyo Ako sinasamba, na nangagtuturo ng aral na mga utos ng tao." Ngayon isipin n'yo nga! Isang taimtim at tapat na pagsamba (na may katapatan ng inyong puso) sa Dios, at gayunma'y wala pa ring kabuluhan! Nagpasimula ito sa ganoon kay Cain, sa Halamanan ng Eden. Taimtim na pagsamba, subali't tinanggihan! Lubos na relihiyoso, gayunma'y tinanggihan!

112 Noong nakaraang linggo sa Shreveport, isang linggo bago 'yung huli, sa isang pagpupulong ng Business Men, isang agahan doon kung saan nagkatipon-tipon ang mga ilang daang tao, inabot ako ng dalawa't kalahating oras sa pangungusap tungkol sa: *Ginagawan Ang Dios Ng Isang Paglilingkod Na Hindi Ayon Sa Kalooban Ng Dios*. Ngayon, tila ba kakaiba 'yan, nguni't

kailangan nating padaluyin ang ating mga sarili sa daluyang inilaan ng Dios at sa paraan ng Dios ng paggawa nito. Kahit na gaano pa man natin isiping tama ito, kailangang nakaayon ito sa Salita ng Panginoon o wala itong kabuluhan. Sumamba si Cain, subali't hindi iyon ayon sa Salita ng Panginoon. Sumamba ang mga Fariseo, nguni't hindi ayon sa Salita ng Panginoon. At dito sa natatanging mensahe para sa Business Men, ay itinuro ko ito.

113 Si David, ninais niyang gawan ang Dios ng isang paglilingkod, at tama siya sa kaniyang sinabi. Sabi niya, "Nararapat ba para sa kaban ng Panginoon ang maging naroon sa ibaba? Dalhin natin iyon dito." Noong panahon ng hari, nung isa pang haring sinundan niya. Sabi niya, "Hindi ito tama. Hindi nila sinangguni ang Panginoon sa pamamagitan ng kaban, subali't dapat nating gawin ito." Ngayon, tama 'yan, kung ano ang dapat nilang ginawa. Sabi niya, "Dapat tayong magtungo't kunin ang kaban, at maaari na tayong sumangguni sa Panginoon." At tama 'yon, naroon ito sa ibaba sa kabilang bayan. Sabi, "Kailangan natin itong dalhin dito. Dalhin ito dito at ilagay ito dito sa bahay natin, at sambahin ang Panginoon."

114 Ngayon pansinin na nagtungo siya sa maling daluyan para isagawa ito. Sumangguni siya sa mga punong kawal ng mga lilimampuin at mga dadaanin at mga lilibuhin. Sinangguni silang lahat, bawa't isa. Nakikitang ito ang kalooban ng Panginoon, tila ba, o ito ang—ang Salita ng Panginoon.

115 Ang Salita ng Panginoon, kung minsan, kailangan ninyo Itong dalhin sa tamang lugar Nito o hindi ito ang Kalooban ng Panginoon. Kita n'yo? Hayaan ngayong maintindihan 'yan nang husto at makakukuha kayo ng isang—isang pangkalahatang kaisipan tungkol sa kung ano ang sinisikap kong sabihin.

116 Ayokong mahulog ang iglesya sa mga hakbang na nakita ninyo doon sa Inglatera: mahahabang buhok, at mga lalaking may pinta ang mukha, at mga baliko. Ayaw natin niyan! Kahit na gaano pa man ito karelihiyosong pakinggan, at gaano pa man kayang umawit ni Elvis Presley ng mga relihiyosong awitin, isa pa rin siyang diablo. At hindi ako tagahatol, subali't "Sa kanilang mga bunga ay mangakikilala ninyo sila." Kita n'yo? Isa siyang Pentecostal, subali't walang kaunti mang kaibahan 'yan. Kita n'yo, pinatotohanan ng inyong mga bunga kung ano nga kayo.

117 Kahit na bumaba pa ang Espiritu sa kaniya, makapagsalita pa siya sa iba't ibang wika, magawa pa niyang sumigaw, makapagpagaling pa siya ng mga maysakit, at sinabi ni Jesus, "Marami sa kanila ang lalapit sa Akin sa araw na yaon, at magsasabi, 'Panginoon, hindi ba't ginawa ko *ito* at *iyon*?' At sasabihin Ko, 'Magsilayo kayo sa Akin, kayong manggagawa ng katampalasanan, ni hindi Ko kayo nangakikilala.'" Kita n'yo?

¹¹⁸ Kailangan nating maging tunay, na totoong mga Cristiano, at ang tanging paraan upang magawa natin 'yan ay ang iharap ito sa tanong na ito rito tungkol sa "Buhay na Walang Hanggan."

¹¹⁹ May iisa lamang anyo ng Buhay na Walang Hanggan, at nagmumula 'yan sa Dios. At itinalaga Niya ang bawa't nilalang na magkakaroon Nito. Sadyang kung paanong ikaw ay binhi ng iyong ama, gayon din naman na ikaw ay isang binhi ng Dios; isa sa Kaniyang mga katangian sa simula pa lamang, kung hindi ay hinding-hindi ka Paroroon. Dumating ka sa punlaang-binhi ng iyong ina; hindi ka nakikilala noon ng iyong ama, nasa mga balakang ka niya noon. At nang dumating ka sa punlaang-binhi ng ina, nang magkagayo'y naging isang tao ka at nabuo ayon sa wangis ng iyong ama, maaari ka na ngayong makisalamuha sa kaniya. At ganiyan ding bagay sa Dios, kung may Buhay kang Walang Hanggan.

¹²⁰ Ang buhay mo noong dumating ka, sa natural na buhay, buhay na pisikal, sa pamamagitan 'yan ng iyong ama. At ang tanging paraan na maipanganak kang muli, ay ang nag-iisang paraan, ay dapat nagmula ito sa iyong Makalangit na Ama, ang mga katangian Niya. "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin." Kita n'yo?

¹²¹ Narito ka sapagka't inilagay ang pangalan mo sa Aklat ng Buhay ng Kordero bago pa man nagkaroon ng isang pundasyon ang mundo. Tumpak nga 'yan. Isa kang binhi, isang espirituwal na binhi buhat sa iyong Makalangit na Ama, isang bahagi ng Salita ng Dios. Kung magkagayon, gaya nga ng sinabi ko, samakatuwid ay kasama ka na ni Jesus noong naririto Siya sapagka't Siya *ay* ang Salita: naghirap ka kasama Niya, namatay kasama Niya, inilibing kasama Niya, at bumangong kasama Niya, at nakaupo gayon sa Makalangit na mga dako sa Kaniya!

¹²² Pansinin, inakala ni David na maayos ang lahat, at sinangguni niya ang lahat ng mga taong ito, at nagsimulang sumayaw ang bawa't isa sa kanila at sumigaw at humiyaw. Mayroon sila ng lahat ng mga relihiyosong pagkilos na mayroon noon doon, subali't hindi pa rin iyon ang kalooban ng Dios na magtungo at dalhin ang Salita ng Dios pabalik sa bahay ng Dios. Nguni't, nakita ninyo, ang Dios sa tuwina (sa lahat ng mga kapanahunan) ay gumagawa sa pamamagitan ng isang kaparaanan. Ang una Niyang desisyon ay ang nag-iisa Niyang desisyon, sapagka't sakdal Siya sa Kaniyang mga desisyon. Wala Siyang ginagawang anuman liban sa ihayag muna Niya ito sa Kaniyang mga lingkod, na mga propeta. Tumpak nga 'yan.

¹²³ Kung kaya nga ito, ang kapanahunan ng iglesyang kinabubuhayan natin. Walang anumang iglesya, hindi Metodista, Baptist, mga Pentecostal, o anumang iba pa, ang makapagpapaging-Nobyas sa Iglesyang ito. Kinakailangan ngang ito ang pagtugon ng Malakias 4, para magsugo ang

Dios ng isang propeta na pagpapahayagan, pagka't 'yan lang ang tanging paraan. Nagiging denominasyon na ang ating mga iglesya at inihahagis ang bagay sa isang gulo at pagtatalu-talo, na gaya ng lagi na nilang ginagawa, at nagsusugo ang Dios palagi ng mga propeta.

124 At naroon si Nathan na nakatayo sa lupain, isang pinatunayang propeta sa harap ng Dios, at ni hindi man lamang siya sinangguni.

125 At nagtungo sila roon at nabuwis ang buhay ng isang tapat na tao, at iba pa, at kinuha ang kaban. Sa halip na ilagay ito sa balikat ng mga Levita, upang dalhin ito, inilagay nila ito sa isang karo para dalhin ito. Mali na lahat!

126 Nakita ninyo, kung hindi kayo susunod ayon sa—sa kalooban ng Dios, at sa daan na ibinigay ng Dios na dapat nating daanan, nagugulo nila Ito palagi at dinadala Ito sa isang kung anong organisasyon, denominasyon, isang kung anong mensahe, at hayan na kayo. Kita n'yo? Ito'y palaging ginagawa nang paganiyan noon pa.

127 Ganiyang bagay rin ang hinarap ng batang ito. Lumapit siya; naging isa siyang—isang—isang miyembro marahil noon ng mga Fariseo o ng mga Saduceo, o isang kung anong kilalang orden noong panahong iyon. Napakarelihiyoso niya. Sabi niya, “Naganap ko na ang mga kautusang ito na itinuro sa akin, mula pa sa aking kabataan.” Kita n'yo? At kinalugdan siya ni Jesus dahil dito. Nguni't tumanggi siyang magpagabay, tumanggi siyang tanggapin ang tunay na pangunguna ni Jesus Cristo upang bigyan siya ng Buhay na Walang Hanggan.

128 Pansinin, naniniwala siyang mayroong isang bagay na iba kaysa sa kung ano ang meron siya, o hindi sana niya sinabi, “Mabuting Guro, ano ang dapat kong gawin ngayon?”

129 Nakita ninyo, nais niyang siya mismo'y may gawin na isang bagay. Ganiyan ang ginagawa natin, gusto nating tayo mismo ang gumawa ng isang bagay. Ang Kaloob ng Dios ay isang walang bayad na kaloob. Ibinigay Ito sa 'yo ng Dios, wala kang gagawing isang bagay para Dito. Itinalaga Niya Ito sa 'yo, at magkakaroon ka Nito. Kita n'yo?

130 Pansinin, alam niyang naroon Ito. Naniwala siya Rito at ninais Ito. Subali't nang maharap siya sa kung paano niya iyon dapat gawin, kakaiba iyon sa kaniyang maka-relihiyong kagawian. Naiiba iyon. Maaari niyang itago ang kaniyang pera at maging kabilang sa iglesyang kinaaaniban niya, at iba pa. Datapuwa't alam iyan ni Jesus, at alam na inipon niya ang salaping ito, at sabi Niya, “Humayo ka at ipagbili mo ang lahat ng mayroon ka, at ibigay mo iyon sa mga dukha. At pumarito ka, pasanin mo ang iyong krus at sumunod ka sa Akin, at magkakamit ka ng mga kayamanan sa Langit.” Nguni't hindi niya ito kayang gawin.

¹³¹ Ang ibang mga tagapanguna na nagkaroon siya sa mga araw ng kaniyang kabataan, ay talagang nagkaroon ng malaking impluwensiya sa kaniya hanggang sa tinanggihan niyang tanggapin ang inilaang Daan ng Dios, na siyang si Jesus Cristo; ang Nag-iisang may hawak ng Buhay na Walang Hanggan, ang Nag-iisang makapagbibigay sa inyo Nito. Hindi ang iglesya ang makapagbibigay sa inyo ng Buhay na Walang Hanggan; hindi ang kapitbahay ninyo; hindi ang pastor ninyo; hindi ang pari ninyo; hindi ang kredo ninyo; tanging si Jesus Cristo lang Mismo ang makapagbibigay sa inyo ng Buhay na Walang Hanggan. Siya ang . . .

¹³² Kahit na gaano ka pa kabuti, ano pa man ang itinigil mong gawin, ano pa man ang sinimulan mong gawin, kailangan mong tanggapin ang *Persona* ng Panginoong Jesus Cristo. At kapag nagawa nga ninyo 'yan, Siya ang Salita, at kung gayon ang buhay ninyo ay lumalapat mismo sa Salita at inihahayag nito ang sarili nito sa kapanahunang ito na kinabubuhayan ninyo.

¹³³ Kinailangang gawin ni Noe 'yan para mahayag ang Salita sa kaniyang kapanahunan. Ngayon, ano kaya kung dumating si Moises, sinabi, "Alam natin kung ano ang ginawa ni Noe, kukunin natin ang salita ni Noe. Gagawin natin ito kung paano ito ginawa ni Noe. Gagawa tayo ng isang—isang daong at magpapalutang—lutang doon sa Ilog ng Nile, at lalabas ng Egipto?" Aba, tiyak na hindi iyon umubra. Kita n'yo, ibang kapanahunan 'yan.

¹³⁴ Hindi maaaring dumating si Jesus na dala ang mensahe ni Moises; hindi maaaring dumating si Luther na dala ang mensahe ng Katoliko; hindi maaaring dumating si Wesley na dala ang mensahe ni Luther; hindi maaaring dumating ang Pentecostal na dala ang mensahe na para sa kapanahunan ni Wesley. At hindi mabubuo ang Nobya sa denominasyong Pentecostal, ito'y sadyang hindi nito magagawa. At tumpak na tumpak 'yan. Naging organisasyon na siya at nagtungo rito, at naroon siyang nananatili na, tulad ng iba pa sa kanila. Isa itong talukap. Kagaya lang ng buhay na dumadaloy sa . . . Kita n'yo?

¹³⁵ Ang manunulat na 'yon, gaya nga ng ipinangusap ko noong isang gabi, ang manunulat na 'yon na sumulat nitong aklat. . . At hindi dahil sa binatikos niya ko nang labis, sinabi na ako ay "isang diablo, kung mayroon mang ganoong bagay." Kaya sinabi niyang hindi siya naniniwala sa Dios. Sabi niya, "Ang isang Dios na nagagawa pang ihalukipkip ang Kaniyang mga braso at manatili at panoorin ang mga martir na 'yon, sa buong kahabaan ng unang mga kapanahunan, at nag-aangking may kapangyarihan kuno na pabukahin ang Dagat na Pula, at hayaan ang mga kababaihang iyon at mga bata na pagpira-pirasuhin ng mga leon at iba pa, at saka sasabihing isa Siyang mapagmahal na Dios." Sabi, "Walang ganiyang klase ng nilalang." Kita

n'yo, 'yung tao, na walang inspirasyon ng Salita, ay nabibigong makita Ito.

¹³⁶ Ang unang butil ng trigo, ang Kasintahang Lalaki, ay kinailangang mahulog sa lupa upang makabangong muli. Ganoon din ang unang Nobya na isinilang noong Pentecostes ay kinailangang dumaan sa Madilim na mga Kapanahunan tulad ng kahit ano pa mang binhi, mailibing. Kinailangan nilang mamatay. Dapat nilang gawin 'yon. Nguni't nagsimula itong muling umusbong sa panahon ni Luther, sa unang repormasyon. Hindi ito kamukha ng binhing iyon na nabaon, subali't ito ang Liwanag ng panahong iyon. Ang...?... tangkay pagkatapos ay nagpatuloy sa uhay, si Wesley. At mula sa uhay ay pumasok ito sa Pentecostes, ang talukap.

¹³⁷ Kapag tiningnan mo ang loob ng trigo, kapag lumabas na ito, ang butil ng trigo, ang isang taong nakapagtanim na ng trigo, magtungo kayo at tingnan ang hugis trigong iyon sa loob doon, kamukhang-kamukha ito ng butil. Nguni't kung kukuha kayo ng tiyani at mauupo at kukunin ang trigo na 'yan at bubuksan ito, walang anumang butil diyan. Isa lamang itong talukap. At pagkatapos ay ano? Ito'y—ito'y nabubuo doon, upang maglaman nung butil. Kita n'yo? At pagkatapos, bigla mo na lang mamamalayan, nilisan ng buhay ang—ang—ang tangkay upang magtungo sa uhay; nilisan na ang uhay patungo sa talukap; iniwan nito ang talukap at pumapasok sa trigo. Tatlong hakbang, kita n'yo, nito. At pagkatapos nabubuo na ang Trigo sa *labas* ng tatlong hakbang (Luther, Wesley, Pentecostal). Sadyang tumpak na tumpak. Kita n'yo, walang duda. Hindi ninyo mapapatigil ang kalikasan.

¹³⁸ Ngayon tingnan, sa bawa't tatlong taon matapos na ang isang mensahe ay lumaganap na ipinadala mula sa Dios, ay nag-oorganisa sila. Dalawampung taon na ito, at walang organisasyon. Hindi ito magiging ganoon. Kita n'yo? Ngayon kailangang humiwalay ang talukap, bigyan ng pagkakataon ang Trigo na mabilad sa harapan ng Anak upang mahinog; bumabalik nang muli ang Mensahe sa Iglesya, binubuo ang Katawan ni Jesus Cristo na gaya ng orihinal na naunang Isa na nabaon noon sa lupa. Ngayon, upang makita ang—ang Buhay na Walang Hanggan.

¹³⁹ Ang Buhay, siguradong ang—ang tangkay dito ay dinala ang Buhay. Tiyak, na ganoon nga. Nguni't, nakita ninyo, nang maging tangkay ito at natapos na ito, ang organisasyon, nagpatuloy na ang Buhay kay Wesley; lumabas na agad, pumasok. At minsan, bawa't isa sa kanila. Isa, isang malaking dahon, hindi kamukha ng butil. Nguni't kapag dumating na ang munting polen, kagaya ng...nasa—sa talukap...o nasa tangkay, ang polen ng uhay, hawig na hawig nito 'yung butil. Nguni't pagdating nito doon sa talukap, halos naroon na ito.

¹⁴⁰ Hindi ba't sinabi ni Jesus, "Sa mga huling araw" (Mateo 24:24) "ang dalawa'y magiging halos magkatulad na magkatulad na anopa't ililigaw nito pati na ang mga pinaka binhi, mga itinalaga, ang Mga Hinirang, kung maaari"? Halos gaya ng tunay na bagay, kita n'yo. Kaya, sa mga huling araw. Ngayon, nakita ninyo, panahon na ngayon ng trigo. Papalapit na ang panahon ng anihan. Hindi na ito ang kapanahunan ni Luther, hindi na ito ang kapanahunan ng Pentecostal, kapanahunan na ito ng Nobya.

¹⁴¹ Kung paanong si Moises ay tinawag ang isang bayan mula sa isang bansa, gayon din na tumatawag ngayon si Cristo ng isang Iglesya palabas ng isang iglesya, nakita ninyo; ang siya ring bagay bilang tipo, dinadala sila sa maluwalhating Walang Hanggang Lupang Pangako.

¹⁴² Ngayon, ang tanggihan ang Personang iyon na siyang tumatawag, si Cristo, kahit pa ikaw ay Pentecostal, Metodista, Luther, kahit na ano ka pa, kailangan mong... Ang kapanahunang ito! Walang anumang laban sa kanila, wala talaga, nguni't sa kapanahunang ito *ngayon* kailangan ninyong tanggapin (kagaya ng ginawa nila noong kapanahunang iyon) ang Persona ni Cristo na siyang Salita!

*Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa
Dios, at ang Salita ay Dios.*

*At nagkatawang-tao ang Salita, at tumahan sa gitna
natin, . . .*

*. . . ang siya ring kahapon, . . . ngayon, at magpakailan
man.*

Mga Hebreo 13:8. Kita n'yo, dapat n'yong tanggapin ang Personang iyon ng Buhay na Walang Hanggan!

¹⁴³ Ngayon, ang Buhay na na kay Luther noon, ay pag-aaring-ganap. Pagpapabanal ang kay Wesley noon, ay idinagdag dito. Nasa Pentecostal noon ang pagpapanumbalik ng mga kaloob na bumabalik na naman sa kaniya, idinagdag dito. Nguni't ngayon ay nabubuo na ito sa katawan, nakita ninyo, ang tatlong yugto nito, at mula diyan. . . Ngayon, kapag dumating ang pagkabuhay na muli, ang Buhay na tumahan sa kanila na mga kay Luther, na lumabas na, ang Buhay na tumahan sa kanila na mga Metodista at lumabas na, ang Buhay na nagtungo sa mga Pentecostal, ay aagawing lahat mula sa lupa na nasa Katawan ng Nobya upang dalhin sa harap ni Jesus Cristo. Luwalhati sa Dios! Oh, kapanapanabik ito! Ito ang Katotohanan!

¹⁴⁴ Lumiko na tayong sa isang panulukan! Nakatanaw na tayong sa Langit, inaabangan ang pagdating; ang Takip sa Piramide, gaya nga ng sinasabi natin, Siya'y magbabalik na! Dapat nang buhayang muli ang Iglesya sa madaling panahon, at dapat na tayong maghanda.

¹⁴⁵ At ang tanging paraan na magagawa ninyo, ay hindi ang sabihing, “Buweno, kabilang ako sa Assemblies. Kabilang ako sa Oneness, Twoness,” o kung ano man iyon, lahat silang naroon, “Kabilang ako sa iglesya ng Dios,” walang kabuluhan ‘yan ni isang bagay. “Nagsihyaw at nagsisayaw ang aming mga ama,” ayos lamang talaga ‘yan, panahon *nila* ‘yon. Nguni’t *ngayon* ay hindi na kayo nahaharap sa organisasyong ginawa nila, kundi sa Buhay na nagpapatuloy, na si Jesus Cristo.

¹⁴⁶ Ginawa nitong kabataang lalaki ang gayun ding bagay. Isinulat ni Moises ang mga utos na iyon. Nguni’t, nakita ninyo, ang siya ring Dios na nagsulat ng mga utos, sa pamamagitan ng Kaniyang propeta, ang siya ring bagay na nagpropeya na darating ang araw, “‘Palilitawin Ko ang isang Propeta’ na gaya ko. At mangyayari na lahat ng hindi makikinig sa Kaniya ay ihihiwalay”; mga naroon sa maka-denominasyong mga talukap at mga uhay. Dapat silang magpatuloy sa Buhay. At ngayon, huwag mong sabihin, “Pentecostal ako. Kabilang ako *dito*, kabilang ako *diyana*.” Walang anumang kabuluhan ‘yan. Kailangan ninyong tanggapin ang Personang Cristo, Buhay na Walang Hanggan. Hinaharap ang bawa’t isa sa atin! Huwag n’yong kalimutan ‘yan.

¹⁴⁷ Ang ibang mga tagapanguna, nakita ninyo, matindi ang pagkakaimpluwensiya nila sa kaniya. Naturuan ang kanilang mga tao, “Buweno, kabilang kami *dito*, at kabilang kami *diyana*,” at matindi ang pagkakaimpluwensiya sa kaniya. Nguni’t anong nakamamatay na bagay, ang tanggihan ang pangunguna ng Buhay na Walang Hanggan!

¹⁴⁸ Ngayon, narito ngayong gabi ang Buhay na ‘yon. Tama ‘yan. Narito ang Espiritu Santo, na siyang si Cristo sa anyo ng Espiritu; ang Kaniyang Espiritu, ang pagkapahid ay naririto.

. . . kaunti pang panahon, at hindi na ako makikita ng sanglibutan; gayunma’y inyo ngang makikita ako: . . .

. . . Sapagka’t ako’y sasa inyo, sumasainyo, hanggang sa kaganapan, hanggang sa katapusan ng sanglibutan.

¹⁴⁹ Si Jesus lamang ang maaaring manguna sa inyo tungo sa Buhay na Walang Hanggang iyon. Walang iglesya, walang denominasyon, walang mangangaral, walang pari, walang kahit anong iba pa na maaaring manguna sa inyo patungo Dito, kailangan kayong pangunahan Niya, ang Nag-iisa na maaaring manguna sa inyo.

¹⁵⁰ Maiisip n’yo ba Siya na pinangungunahan kayo palabas sa Kaniyang Salita, na Siya nga iyon? At kung Siya ang Salita, at isang bahagi Niya kayo, hindi ba kayo magiging isang bahagi ng Salita? Ang Salita na nais ng Dios na pagbuhusan ng mga tubig ng kaligtasan sa araw na ito, upang makilala Siya ngayon; gaya ng pagkakilala sa Kaniya ng mga alagad, gaya ni Luther, gaya ni Wesley, gaya ng pagkakilala sa Kaniya ng mga tao noong

mga araw na iyon. Ibang kapanahunan na ito. Ito ang Salita! Sinabi ng Salita na ang mga bagay na ito na nakikita nating nagaganap ngayon, ay iprinopesiya na magaganap sa oras na ito. Kaya tanggapin si Jesus Cristo at hayaang pangunahan Niya kayo patungo sa Buhay na Walang Hanggan.

¹⁵¹ Bagama't nakamit niya, itong kabataang lalaki. . . Nakamit niyang lahat ang mabubuting bagay. Sa paaralan, naging mahusay. Bilang isang mabuting bata, walang duda, naging mabuti siya. Bilang isang tunay na ama. . . Sa pakikinig sa kaniyang tatay sa negosyo, naging isa siyang mabuting—isang mabuting bata noon. Mabuti sa kaniyang mga magulang. Naging tapat siya sa kaniyang pari. Naging tapat siya sa kaniyang iglesya. Naging tapat siya sa mga utos ng Dios. Subali't naiwala niya ang pinakadakilang bagay, at ang lahat ng iba pa sa mga iyon ay wala namang gaanong halaga sa kaniya noong tanggihan niya ang pangunguna ng Buhay na Walang Hanggan, si Jesus Cristo.

¹⁵² Pansinin! Hinaharap ng pangungunang ito ang bawa't isa sa atin sa araw na ito, parehas kung paano ang ginawa nito doon sa kabataang lalaki, tayo. . . kahit na gaano pa tayo karelihiyoso. Maaaring Katoliko kayo, maaaring Baptist kayo, Metodista, o maaaring mga Pentecostal kayo, o anumang kayo, hinaharap kayo ng siya ring bagay na ito ngayong gabi: Buhay na Walang Hanggan, iya'y, pagtanggap kay Jesus Cristo. Binigyan tayo ng pagkakataong ito.

¹⁵³ Minsan sa buhay kailangang harapin natin ang bagay na gaya ng ginawa nitong bata pang lalaki, sapagka't isa kang mortal na nilalang at binigyan ka ng—binigyan ka ng pagkakataong pumili. May pagpili ka. Ginawa ito ng Dios para makapamilya ka. Kung inilagay Niya sina Adan at Eba sa malayang pagpapasyang moral para makapamilya sila, at gumawa sila pagkatapos ng maling pagpili, at, kita n'yo, wala na Siyang ibang magagawa pa para sa iyo kundi kung ano lang ang ginawa Niya noon para sa kanila. Kailangang ilagay ka Niya sa gayun ding bagay upang makapamilya ka o tumanggi.

May pagpili ka. Tingnan natin ang ilan sa kanila:

¹⁵⁴ May pagpili ka, bilang isang bata pang lalaki, kung magkakaroon ka ba ng isang edukasyon o hindi. Nasa iyo iyang pagpili. Maaaring gustuhin mong maging “huwag na lang magkaroon nito,” maaaring tanggihan mo na lang ito.

¹⁵⁵ May pagpili ka sa iyong ugali. Medyo makakasakit lang ako rito nang kaunti. Kita n'yo? Maaari kang lumabas at hayaang humaba ang iyong buhok at maging isang Beatle o isang kung sino sa mga taong mangmang na ito.

¹⁵⁶ O kayong mga kababaihan, maaari kayong magmukhang isang—isang disenteng tao o maaari kayong maging isa sa mga kakatwang nilalang na mayroon tayo diyang, silang inasulang

mga mata. At mga gupit ng buhok na water-head at mga gayong bagay, lubos silang laban sa Salita ng Dios, na lubhang taliwas; ni hindi man lang makapag-alay. . . hindi makapag-alay ng isang panalangin na tatanggapin. Iyan ang Katotohanan. Tumpak nga 'yan. Ganiyan ang sinabi ng Biblia.

¹⁵⁷ Nguni't ano na ang nangyari sa inyo, iglesya? Masyado nang marami ang napanood n'yong telebisyon, lubhang napakarami nang mga bagay ng sanlibutan, napakadali na para sa inyong dating kalikasang Adan na matangay diyan, na umasta na tulad ng lahat ng iba pa sa kanila.

¹⁵⁸ Hayaang ulitin ko itong muli! Sa kosher na tinapay, sa paghahandog ng—ng—ng pantubos noong panahon ni Moises, nang ilabas ni Moises ang mga anak, dapat may pitong araw na walang lebadura dapat sa gitna ng mga tao. Alam 'yan ng kahit sino. Sa Exodo, “Walang masusumpungang lebadura sa inyong mga kampamento man lang, pitong araw.” Ang *pitong araw* na 'yan ay kumakatawan sa buong “pitong kapanahunan ng iglesya.” Kita n'yo?

¹⁵⁹ “Walang lebadura.” Ngayon, ano ba ito? Walang kredo, walang sanlibutan. Sabi ni Jesus, “Kung iniibig ninyo ang sanlibutan o ang mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Dios ay wala nga sa inyo.” Kita n'yo? At sinusubukan nating paghaluin 'yan; hindi n'yo magagawa 'yan! Kailangan ninyong humantong sa *isang* bagay upang maniwala: alinman sa paniniwalaan ninyo ang Dios, paniniwalaan ninyo ang inyong iglesya, paniniwalaan ninyo ang sanlibutan. Kayo—hindi ninyo ito mapaghahalo na magkakasama. At hindi kayo maaaring manghawakan sa mga lumang bagay na iyan na ginagawa noon ng ibang iglesyang nauna sa inyo. Kailangan ninyong tanggapin ang Mensahe ng oras na ito.

¹⁶⁰ Sabi Niya, “Kung ano ang natira, huwag na itong hayaang abutin kinaumagahan (na umabot pa dito sa ibang kapanahunan), sunugin ito sa apoy; dapat masira.” Na ang kapanahunang kinabubuhayan ninyo, ang Mensahe sa kapanahunang ito, kailangan Itong mailabas mula sa Mga Kasulatan at mapatotohanan at mapatunayan ng Dios na ang Dios nga iyon na siyang gumagawa. Pagkatapos alinman sa tanggapin ninyo Ito o tanggihan Ito. 'Yan ang Buhay na Walang Hanggan, ang pangunguna ng Espiritu Santo, pinangungunahan ang Kaniyang Iglesya.

¹⁶¹ Maaari tayong manatili d'yan nang mahabang oras, nguni't magpatuloy na tayo, magpatuloy lang nang magpatuloy.

¹⁶² Ang pagpili ng iyong ikikilos. Maaari kang. . . Hindi ninyo ito maaaring pagsamahin ngayon. Alinman sa kayo ay para sa Dios o laban sa Dios, at lubos na ipinapakita ng panlabas na mga pagpapahayag kung ano nga ang nasa loob. Kita n'yo? Ang sigay-tinik. . . Marami sa inyo ang nag-aakala, “Mayroon na

akong bautismo ng Espiritu Santo, mapupunta ako sa Langit.” Walang anumang ibig sabihin ’yan na mapupunta ka nga sa Langit. Wala, po. Maaari kang magkaroon ng bautismo ng Banal na Espiritu bawa’t oras ng buhay mo, at mapahamak pa rin at mapunta sa impiyerno. Gayon nga ang sabi ng Biblia. Uh-huh, tumpak na tumpak ’yon.

¹⁶³ Tumingin dito, isa kang panlabas na tao. Mayroon kang limang pandama na nakikipag-ugnayan diyan sa panlabas na katawan. Binigyan ka ng Dios ng limang pandama; hindi upang makaugnay Siya, kundi ang iyong panlupang tahanan: paningin, panlasa, pandamdang, pang-amoy, at pandinig.

¹⁶⁴ Pagkatapos ay mayroon kang isang espiritu sa loob niyan, at mayroon itong limang lagusan: konsensiya, at pag-ibig, at iba pa. Limang lagusan na nakikipag-ugnayan ka sa mundo ng espiritu sa pamamagitan niyan, nguni’t sa pamamagitan ng iyong espiritu.

¹⁶⁵ Ang iyong pisikal ay nakikipag-ugnayan sa pisikal. Nakikipag-ugnayan naman ang iyong espirituwal sa espirituwal. Nguni’t sa loob niyan ay mayroon kang kaluluwa, at ang kaluluwang ’yan ay ang binhing iyon na nagbuhat sa Dios.

¹⁶⁶ At tulad ng isang sanggol na nabuo sa sinapupunan ng ina nito. Kapag pumasok ang sanggol sa—sa sinapupunan ng ina sa pamamagitan ng munting binhi, gumagapang ito papasok sa itlog. Hindi ito mabubuo na isang selula ng tao, aso naman ang susunod, at pusa ang kasunod, at kabayo naman ang kasunod. Selula ito lahat ng tao dahil nabubuo ito mula sa orihinal na selula ng tao.

¹⁶⁷ At kapag isinilang na muli ang isang tao sa pamamagitan ng Salita ng Dios, itinalaga sa Buhay na Walang Hanggan, tinawag na “Ang Hinirang,” ito’y magiging Salita ng Dios sa ibabaw ng Salita, Salita sa Salita! Hindi isang kredong makadenominasyon at pagkatapos ay isang Salita, at isang kredyo; at hindi ito uubra. Hindi ninyo maaaring ilagay ang lebadurang ’yan Dito! Nag-iisang Buhay lang na Walang Hanggan, si Jesus Cristo na Salita:

Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Dios, at ang Salita ay Dios.

At nagkatawang-tao ang Salita, at tumahan sa gitna natin, . . .

¹⁶⁸ Mga kaibigan, pinakakain ninyo ang mga anak ko. Ipinadadala ninyo ako sa mga misyon sa buong mundo, upang ihatid ang Mensahe. Kailangan kong maging tapat sa inyo. Ano man ang tinitingnan ko, maaaring hindi ninyo nakikita. ’Yan ang dahilan na naririto ako upang sikaping sabihin sa inyo. Hindi ito dahil sa hindi ko mahal ang mga tao, ito’y dahil sa talagang mahal ko ang mga tao. Mapanuwid. Kapag nakikita

ko ang pagdulas ng iglesya, lumilihis, sasabihin, “Buweno, ginawa namin *ito* at ginawa namin *inyan*,” at tumingin sa palibot ng iglesya at makita ang . . . Sadyang hindi ito uubra.

¹⁶⁹ Pagkatapos tingnan n’yo rito sa Biblia at makikita na kailangang maging ganoon sa huli, iyang malahiningang Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea, na inilalagay sa labas si Jesus (ang Salita). Hindi Siya kailanman tumawag. . . Wala na Siyang tatawagin pang iglesya. Sabi Niya, “Ang lahat Kong iniibig, ay Aking sinasaway. Akin silang pinapalo.” Kinukuha ang Salita at ibinabayo Ito, at sinasabi, “Mali ka rito!” Iyan ang dahilan na iniibig ko kayo. “Kung inyong bubuksan ang pintuan at Ako’y papapasukin, Ako’y papasok at hahapong kasalo ninyo.” Hindi isang iglesya, pinalabas na Siya diyan.

¹⁷⁰ Patungo na siya sa Konsehong Ekumenikal. Diyan siya pumunta, pabalik mismo sa Roma kung saan siya nagmula. At tumpak nga ’yan. Naisulat ko na ’yan sa papel mula pa noong nakaraang dalawampu’t limang taon, o tatlumpu’t tatlong taon na ang nakakaraan, at hayan na ito. Hindi lang ’yan, nakasulat ito sa Biblia, mula sa isang pangitain. Bumalik na siya sa dati. Wala nang paraan pa na mailigtas ito, wala na ito! Hahantong nga ito sa ganiyang paraan.

¹⁷¹ Tumatawag ang Dios ng *mga indibiduwal*. “Ako’y nakatayo sa pintuan at tumutuktok. Kung sinoman, kahit sinong tao. . .” Isang indibiduwal buhat sa isang libo, maaaring ito’y isa mula sa isang milyon.

¹⁷² Gaya nga ng sinabi ko ilang gabi pa lang ang nakakaraan. Nang lisanin ng Israel ang Egipto, mayroon lamang dalawang milyon na lumabas, at dalawang milyon lang; isa lang. . . dalawang tao lang ang nakapasok. Isa mula sa isang milyon. Alam n’yo ba ’yan? Sina Caleb at Josue.

¹⁷³ At si Jesus, noong narito pa Siya sa lupa, sabi nila, “Nagsikain ang aming mga magulang ng manna sa ilang. Aming patuloy na ginaganap ang mga tradisyon. At ginagawa namin *ito*. Alam namin kung saan kami nakatayo!”

¹⁷⁴ Sabi Niya, “Alam Kong nagsikain ang inyong mga magulang ng manna sa ilang, at bawa’t isa sa kanila’y Walang Hanggang nahiwalay. Sila’y mga patay na!”

¹⁷⁵ Kapag ang binhi ay nagmula sa lalaki o babae, mayroong isang milyong itlog ang lumalabas, mayroong isang milyong binhi ang lumalabas. At mula sa lahat ng mga binhing ’yan, mula sa uri. . . Kung ito’y—kung mula ito sa lalaking baka, o sa tao, o kung ano man ito, sadyang mayroong milyon-milyong mga binhi, isang milyong binhi ang kumikilos. Mayroon lang doong nag-iisa mula sa mga binhing ’yon na nakatalaga sa buhay, sapagka’t mayroong isang itlog na naroon, na maaaring mabuo, upang salubungin ito. Tama ’yan. Isang itlog lamang ang kakatagpuin nito. Kagaya ng katawan na ito na nakaupo rito, at ang binhi

ay nagmula sa Dios. Kita n'yo? At masdan ang munting binhi na 'yan na dumating kasama nitong lahat ng iba pang mga binhi, at kumawag-kawag sa paligid nila, tuluy-tuloy na nilagpasan sila, nagtungo sa gawi rito at nasumpungan ang matabang itlog na 'yun at—at gumapang mismo papasok rito; at namatay ang lahat ng iba pa sa kanila.

¹⁷⁶ Paano kung ganito rin ang paraan sa iglesia ngayon, isa mula sa isang milyong? Nakita n'yo kung saan ito patutungo? “Makipot ang pintuan at makitid ang Daan, at kakaunti ang mangakakasumpung Niyon; sapagka't malapad ang daang patungo sa pagkapahamak, at marami ang doo'y nangagsisipasok.”

“Katotohanan ba 'yan, Kapatid na Branham?” Hindi ko alam, pero sinisipi ko lamang ang Kasulatan. Kita n'yo?

¹⁷⁷ Ngayon, itinalaga ka sa Buhay. Nakikita mo Ito kung itinalaga ka para makita Ito. Kung hindi ka itinalaga para makita Ito, hindi mo Ito makikita. Sabi, “May mga mata sila datapuwa't hindi sila makakita, may mga tainga nguni't hindi makarinig.” Gaano kayo dapat magpasalamat, iglesia! Gaano ninyo dapat ituwid ang inyong mga sarili mula sa mga bagay na ito! Gaano kayo dapat na mag-alab para sa Dios! Na namamalas ng inyong mga mata kung ano ang inyong nakikita, naririnig ng inyong mga tainga kung ano ang inyong nakikita. Pangunguna! Bakit kayo nagtungo rito ngayong gabi para makinig sa isang Mensaheng tulad Nito? Binansagan na ako sa buong mundo, ng mga iglesia, bilang isang “panatiko.” Bakit kayo pumunta? Pinangunahan kayo ng Espiritu Santo dito (kita n'yo? kita n'yo?) para makinig. Tuliin! Alisin ang mga bagay ng sanlibutan, tanggapin ang pangunguna ni Jesus Cristo, o mapapahamak kayo na kasing tiyak ng sanlibutan.

¹⁷⁸ May pagpili ka ng iuugali. Kung paano ka kikilos, nasa sa iyo na 'yon.

¹⁷⁹ Makakapili ka ng mapapangasawang babae. Lalabas ka at kukuha ng iyong mapapangasawa. Nais mong kumuha ng isang asawa, gusto mong kumuha ng isa na makapupuno sa iyong...sa kung ano ang nais mo sa inyong...balak mong maging tahanan sa hinaharap. Maiisip n'yo ba ang isang lalaki, isang Cristianong lalaki, na lalabas at kukuha ng isa sa mga makabagong Ricketta na ito para maging asawa? Huh? Nakikini-kinita n'yo ba? Ano'ng iniisip ng taong 'yon? Ano'ng uri ng tahanan ang magkakaroon siya kung kukuha siya ng isang mahalay na mananayaw, isang burlés mula sa labas dito sa kalye, isang patutot sa lansangan? “Oh,” sasabihin n'yo, “ngayon, sandali lang.” Paano niya binibihisan ang sarili niya? Kita n'yo? Kita n'yo? Nagsusuot ng shorts at mga gayong bagay, isa siyang patutot sa lansangan. “Oh,” sasabihin n'yo, “naman, Kapatid na Branham!” Oh, 'yung mga kung anong maiikling nakahapit

na mga palda, na animo'y pinagsuksukan sa 'yo, patutot sa lansangan.

¹⁸⁰ Sinabi ni Jesus, “Ang bawa't tumingin sa isang babae na taglay ang mahalay na pagnanasa, ay nagkakasala na ng pangangalunya kasama niya sa kaniyang puso.” Kung gayo'y kailangan niyang managot para riyon. At ano naman ang ginawa ng babae? Inilantad niya ang kaniyang sarili. Sino ang may kasalanan? Isipin n'yo nga iyon.

¹⁸¹ Sasabihin n'yo, “Hindi na sila gumagawa ng iba pang damit.” Meron silang mga tela at mga makinang panahi. Walang maidadahilan. Huh-uh. Tumpak 'yan.

¹⁸² Ngayon, hindi ko kayo gustong saktan. At hindi ito isang biro, ito ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON mula sa Mga Kasulatan. Ganap na totoo ito, kaibigan. Isa na akong matandang lalaki, wala na akong ipamamalagi pa nang matagal, subali't kailangan kong sabihin sa inyo ang Katotohanan. Kung ito na ang huli kong mensahe, ito ang Katotohanan. Kita n'yo? Huwag, kapatid na babae. Huwag, kapatid na lalaki.

¹⁸³ At kayo mga kasama na nanghahawakan sa isang—isang kredo, at nalalamang pinapatotohanan na mismo ang Salita ng Dios sa harapan n'yo. Ang bautismo ng Banal na Espiritu at itong mga realidad na mayroon tayo ngayon, at pagkatapos, dahil sa inyong mga kredo, ay lalayo mula Rito? Paano kayo magiging anak ng Dios at ikakaila ang Salita ng Dios na iprinopesiya para sa mga huling araw na ito na kinabubuhayan natin? Paano n'yo ito magagawa? Paano matatawag ng Biblia itong . . .

¹⁸⁴ Gaya nga ng sinabi ko kagabi tungkol sa isang—isang hari minsan, doon sa Katimugan, nang 'yung mga itim doon ay ibinebenta para maging mga alipin. Aba, di sila hihigit sa isa lamang—isang pamilihan ng mga gamit na na sasakyan, nakakakuha ka ng katibayan ng pagbili sa mga ito. At nabahala ako, sa isang maliit na lugar. . . Nabasa ko isang araw kung saan ang isang—dumating ang isang mangangalakal para mamili ng ilan, at sabi niya, “Buweno, ngayon, gusto ko sanang. . .” Malungkot sila, kailangan mo pa silang latiguhin, para mapagtrabaho sila dahil malayo sila sa kanilang lugar. Ipinagbili sila, na mga alipin. At sila'y nasa bansang banyaga na wala silang nalalamang kahit ano, at hindi na sila muli pang makakauwi, at malungkot sila. Kailangan mo pa silang hagupitin, mapagtrabaho sila. Nguni't nagtungo ang mangangalakal na ito sa isang plantasyon.

¹⁸⁵ Isang kabataang lalaki roon na labas ang dibdib, na taas-noo siya, hindi mo na siya kailangang hagupitin pa. Nakatayo na agad siya, at pinasisigla niya ang iba pa sa kanila.

Sinabi ng negosyante, “Bibilhin ko siya.”

186 Sabi niya, “Hindi siya ipinagbibili. Hindi siya ipagbibili. Hindi mo siya mabibili, dahil hindi siya ipinagbibili.”

187 Sabi nito, “Buweno, ano bang nagpaging napakakakaiba sa kaniya?” Sabi, “Pinuno ba siya ng lahat ng iba pa sa kanila?”

Sabi, “Hindi.”

Sabi, “Iba ba ang ipinapakain mo sa kaniya?”

188 Sabi, “Hindi. Isa siyang alipin, kumakain siya sa kusina kasama ng lahat ng iba pa sa kanila.”

Sabi, “Anong nagpaging napakakakaiba sa kaniya?”

189 Sabi niya, “Nagtaka nga rin ako mismo, hanggang sa malaman ko. Doon sa Aprika (kung saan sila nanggaling, kung saan sila binili ng mga Boer, at dinala sila rito at ipinagbili sila para gawing mga alipin), doon ang ama niya ay hari ng isang tribo. At kahit na, isang dayuhan, na malayo sa kanilang lugar, alam niyang anak siya ng isang hari. Kaya kumikilos siyang ganun.”

190 Anong pagsaway sa Cristianismo! Dapat sana’y kumakatawan tayo sa Dios at sa Buhay na Walang Hanggan. Meron lang isang anyo ng Buhay na Walang Hanggan, at iyan ang Dios. Siya lamang ang may Buhay na Walang Hanggan. At mga produkto Niya tayo, sapagka’t mga binhi tayo ng Kaniyang Espiritu. Kaya dapat tayong kumilos, mga babae at mga lalaki, na tulad ng sinabi ng Biblia na dapat nating gawin. Hindi mga Jezebel ng lansangan, at mga Ricky ng organisasyon; kundi mga maginoong Cristiano, mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Dios, na ipinanganak ng Espiritu ng Dios, inihahayag ang Liwanag sa mga araw natin at pinapalaganap Ito. Tumpak na tumpak ’yon.

191 Gaano na kalayo ang inilayo natin mula Dito! Bakit? Ganun ding bagay na ginawa nitong kabataang lalaki dito. Tinanggihan niya, inayawan niya ang Buhay na Walang Hanggan, dahil magiging kapalit Nito ang kalagayan niya sa lipunan, magiging kapalit Nito ang kaniyang—kaniyang—kalayawan niya sa salapi, magiging kapalit Nito ang pakikisama niya sa iglesia, magiging kapalit Nito ang napakaraming mga bagay. Alam niya kung ano ang magiging kapalit Nito sa kaniya, matalino siyang bata, at nadama niyang hindi niya kayang bayaran ang halaga. Gayunma’y naisip niya, “Magtitiwala na lamang ako sa aking relihiyon at magpapatuloy.” Nguni’t alam niya sa kaibuturan ng kaniyang puso na may bagay kay Jesus Cristo na iba mula doon sa mga saserdote ng panahong ’yon.

192 At anumang Mensahe na dumating, isang tunay, na ipinanganak na Mensahe ng Dios, ay iba mula sa lumang nakagawian na. Nang dumating ang isang Makalangit na pagpapagaling, hindi pa katagalan, napansin ba ninyo kung paanong ang mga manggagaya ay ginaya ito? Kita n’yo? At

nagsipasok ang bawa't isa sa kanila doon mismo sa mga organisasyon, nananatili roon. May nakakaalam ba kahit isa na may Mensaheng kasunod 'yun? Aba, hindi tayo nililibang ng Dios! Kinukuha Niya ang pansin natin sa pamamagitan ng isang bagay, at pag nakuha na Niya ang pansin natin, kung gayon maihahatid na Niya ang Kaniyang Mensahe.

193 Tingnan n'yo noong una Siyang pumarito sa lupa, at simulan ang Kaniyang ministeryo, "O batang Guro, nais Ka namin dito sa aming iglesya. Kami. . . Halika rito." Ang batang Propeta. "Oh, nais Ka namin dito. Halika rito."

194 Nguni't tumayo Siya isang araw at sinabi, "Ako at ang Aking Ama ay Iisa."

195 "Oh, naku! Ginagawa Niyang Dios ang Sarili Niya."

196 "Maliban nang inyong kanin ang Laman ng Anak ng tao at inumin ang Kaniyang Dugo, ay wala kayong Buhay sa inyong sarili."

197 "Isa siyang bampira! Wala tayong anumang kinalaman diyan."

198 Nakaupo mismo roon ang mga apostol; iniwan Siya ng libu-libo, nguni't nakatalaga ang mga apostol na 'yon sa Buhay. Ganoon nga ang sabi Niya. Hindi nila kayang ipaliwanag Ito; sinampalatayanan nila Ito. Nanatili mismo sila Rito sapagka't, sinabi, "Walang sinuman ang makagagawa ng mga gawang ito."

199 Alam 'yan maging ng mga saserdote. Sinabi ni Nicodemo, "Alam namin" (ng konsehong Sanhedrin) "na walang sinuman ang makagagawa ng mga gawang ito libang nagbuhat ito sa Dios." Kita n'yo?

200 Si Pedro, sa Araw ng Pentecostes, sabi, "Si Jesus na taga-Nazaret, isang Lalaking pinatunayan ng Dios sa inyo. Sumasa-Kaniya ang Dios."

201 Tingnan sa Mga Kasulatan, kung ano ang sinabi ng Mga Kasulatan na gagawin. Sabi ni Jesus, "Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan, iniisip ninyo na sa mga Yaon ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan. Ang mga ito'y siyang nangagpapatotoo tungkol sa Akin. Kung nakikilala ninyo si Moises, makikilala ninyo Ako, sapagka't isinulat ni Moises na paririto Ako, sa anyo na Aking ipaparito." Pumarito Siya bilang ang Anak ng tao.

202 Dumating Siya sa tatlong pangalan, bilang Dios. Tatlo (gaya ng Ama, Anak, at Banal na Espiritu), siya ring Dios, tatlo itong katangian.

203 Ngayon pagkatapos, gayun din, pag-aaring-ganap, pagpapabanal. . .; si Luther, Martin, at—at ang—at ang Pentecostal; siya ring bagay: tatlong katangian, tatlong katayuan, tatlong kapanahunan ng iglesya.

204 Gayun ding bagay: tubig, dugo, at espiritu. Oh, habang nagpapatuloy kayo, ang tatlong elementong nagdadala sa inyo pabalik sa katawan. Tulad ng dinadala kayo nito sa inyong natural na kapanganakan, tumitipo sa inyong espirituwal na kapanganakan. Isinilang ang sanggol, ang unang bagay ay tubig, sumunod ang dugo, at saka ang buhay. Ganiyan ang paraan ng pagpasok ninyo sa Kaharian ng Dios, gayun ding paraan. Kita n'yo? Sa ganiyang paraan pumapasok ang Iglesya, sa gayun ding paraan. Gayun ding bagay. Ngayon pansinin sa tatlong bagay na ito, binuo ng Dios ang Kaniyang. . . binubuo ang Kaniyang katawan.

205 Ngayon napag-aalaman natin dito, na may karapatan ka sa iyong pagpili. Pinipili mo ang babaeng gusto mong pakasalan; tinatanggap ka niya, mabuti.

206 Pagkatapos isa pang bagay, may pagpili ka kung nais mong mabuhay o kung ayaw mong mabuhay. Pumili ka ngayon sa pagitan ng Buhay at kamatayan. Maaari kang mabuhay.

207 Nasa batang iyon iyang pagpili. Isa siyang tagumpay sa lahat ng iba pang bagay, isang relihiyosong tao, pero alam niya na noong yaong. . . Sinabi niya ito patungkol sa sarili niya, "Ginanap ko na ang lahat ng mga kautusang ito mula sa aking kabataan," nguni't alam niyang wala siyang Buhay na Walang Hanggan. Kita n'yo? At mayroon siyang pagpili kung tatanggapin niya Ito o kung tatanggihan Ito, at tinanggihan niya Ito. Iyon ang pinakamabigat na pagkakamaling kailanma'y magagawa niya. Wala nang gaanong halaga ang iba pa nito. Hindi na ito, wala na itong halaga, malibang piliin mo Iyon.

208 Sundan natin siya ngayon sa kaniyang pinili, at tingnan kung saan siya nito inakay. Ngayon, tingnan kung saan siya pumili. Ngayon, tingnan, siya ay—isa siyang mayamang lalaki, isa siyang negosyante, isa siyang pinuno, at isa siyang relihiyosong tao. Lahat niyan!

209 Sasabihin natin sa araw na ito, "Naku, isa siyang tunay na Metodista, o Baptist, o isang Pentecostal. Siya—isa siyang totoong kasama, talagang napakabuting bata. Napakainam!" Wala na kayong iba pang masasabi tungkol sa kaniya; palakaibigan, mabait, nakikisama, at lahat na. Walang imoral sa kaniya. Hindi siya marahil naninigarilyo, umiinom, o nagpupunta sa mga palabas at mga sayawan, at kung anumang tawag natin dito ngayon, gaya ng kung ikaklase natin ang isang Cristiano. Subali't hindi pa rin 'yan Buhay na Walang Hanggan! Hindi 'yan ang pinag-uusapan natin. Maaaring naging tapat siya sa kaniyang iglesya, kung saan siya marahil kabilang. Nguni't, nakita ninyo, at ano ang pinagdalan nito sa kaniya? Napakalaking popularidad. Sabihin natin, kung isa siyang mangangaral, isa na marahil siyang. . . mayroong mas magandang iglesya. Isa na marahil siyang pang-estadong

presbyter o obispo. Kita n'yo? Inakay kayo nito patungo sa popularidad, at inakay siya nito patungo sa mga kayamanan at sa kasikatan.

²¹⁰ Maaaring gawin nito ang gayun ding bagay ngayon, may dakilang kakayahan ka sa pag-awit. Naisip ko 'yung bata pang lalaki kani-kanina lang na umawit ng awit na iyon dito; kung paano niya iyon ibinigay noon sa Diablo, at ngayon ay nabawi na niya ito. . . At anong pagkakaiba sa pagitan niya at ni Elvis Presley at ng iba pa sa mga ito. Si Pat Boone, at 'yung isang grupo na gaya niyan, si Ernie Ford, ang mga lalaking 'yon, mga magagaling na mang-aawit; at inilabas ang kanilang mga talento, ang mga talentong iyon na bigay ng Dios, at ginamit iyon upang bigyang-sigla ang—ang mga gawa ng Diablo. Tama 'yon. Ilang mga magagaling na mang-aawit na ipinagbibili ang kanilang talentong kaloob ng Dios para sa kasikatan dito sa mundo, upang maging isang kilalang tao. Paano kayo magiging higit pa sa isang “ordinaryong tao” na maaaring maging kayo, para maging isang kilala, kundi ang maging isang anak ng Dios?

²¹¹ Wala akong pakialam kung pag-aari mo man ang buong siyudad, ang buong mundo, at hindi mo pa tinanggap ang pangunguna ng Buhay na Walang Hangan sa pamamagitan ng Espiritu Santo (si Cristo), paano ka magiging. . . Bakit, sino ka ba sa tingin mo? Isa kang patay na mortal, patay dahil sa kasalanan at mga pagsalansang! Gaano mo man naising maging relihiyoso; gaano mo man naising maging tapat sa iglesya; mangangaral, kung nais mong nasa pulpito; nguni't ang tumanggi, ikaw ay mamamatay!

²¹² Isa siyang labis na matagumpay. Isa siyang labis na matagumpay dito sa buhay na ito. Sigurado. Nakita natin siya kung saan napansin natin. . . Saka natin nakita ang lalaking ito, na nagtungo siya. . . Sundan natin siya nang kaunti pa, at nakikita nating naging labis siyang matagumpay. At sundan natin siya sa buong Biblia. Mapapansin natin na siya—siya. . . Masusumpungan nating isa siyang mayamang tao. Mayroon siyang naglalakihang mga lugar, bumibisita sa kaniya ang huwés at ang meyor ng siyudad, o kung sinu-sino pa. Naroon siya sa pinakaitaas ng kaniyang bahay, at mayroon siyang mararangyang mga piging; at maraming mga serbidora, at mga babae, mga batang babae, at lahat na ng iba pa, na nakapalibot sa kaniya. At may pulubing nakahandusay sa may tarangkahan, na nagngangalang Lazaro. Winawalis niya ang mga mumo papunta sa kaniya. Alam na natin ang kuwento. Ang sumunod na bagay, nagpatuloy siyang matagumpay, na gaya rin ng mga iglesya ngayon.

²¹³ Isang negosyanteng nakaupo rito, sinasabi sa akin, “Dito mismo sa California, na kinakailangan pang sabihan ng iglesya ang unyon ng mga manggagawa kung ano ang gagawin.” Nakita ninyo, nagiging iglesya at estado na naman itong muli. Nasa

inyo na mismo ito. Nakita ninyo, naroon na mismo kayo sa loob, at tinatanggap na ninyo ang tatak ng hayop nang hindi ito namamalayan.

²¹⁴ Kung nakabili na kayo ng isa sa mga teyp ko, kunin n'yo ito pag nakuha ko na ito, pag-uwi ko, *Ang Bakas Ng Serpiyente*; at makikita ninyo kung nasaan na ito, tingnan kung saan ito hahantong. Uuwi ngayon upang ipangusap, kung loloobin ng Panginoon. Mga apat na oras ito, kaya hindi ko ito mapapatagal sa isa sa mga pagtitipong tulad nito. Kailangan kong magtungo roon kung saan napagtitiisan ako ng iglesya nang napakatagal, nang may pagtitiis. Pansinin. Nguni't ngayon ay maaari kayong makinig ng teyp minsan sa inyong tahanan.

²¹⁵ Pansinin ito, natuklasan natin ngayon na isa siyang labis na matagumpay. Saka nasumpungan natin siya nung kalaunan hanggang sa mas higit pa siyang nagtagumpay, hanggang sa sabihin niya, "Napakarami ko nang tinatamasa!" Naku, naging isang talagang tunay na lalaki na marahil siya sa panahong ngayon. Hindi ba? "Siksik na siksik na maging ang mga kamalig ko, umaapaw na ang mga ito. At napakarami ko nang natamasa hanggang sa sabihin ko, 'Oh, kaluluwa, magpahinga ka na.'"

²¹⁶ Nguni't, ang ginawa niya sa simula, tinanggihan niya ang pangunguna ni Jesus Cristo. Ang kaniyang iglesya, ang kaniyang kaalaman, ang kaniyang pinag-aralan, at lahat na, ay dinala siya sa isang tagumpay. Minahal siya ng lahat ng mga Judio. Nagbigay siya sa kanila, tumulong siya sa kanila, maaaring ginawa niya *ito*, *iyon*, o ang *iba pa*. Subali't, nakita ninyo, tinanggihan niya ang—ang—ang pangunguna ni Jesus Cristo, ang Buhay na Walang Hanggan. At iyan . . . Ang sabi ng Biblia, sabi Niya, "Ikaw na hangal, sa gabing ito kukunin na ang iyong kaluluwa."

²¹⁷ At nakita natin siya ngayon (ang kasunod na lugar) sa impiyerno; na itinitingala ang kaniyang mga mata at nakikita ang pulubing 'yon, na dati'y pinapalabas niya sa lansangan, na nasa kandungan na ni Abraham. Ang napakalaking pagkakamali! Kung paanong ang mga iglesya'y naging—naging—naging—naging maayos sa landas na kanilang tinahak, nguni't wala pa rin silang Buhay na Walang Hanggan.

²¹⁸ Naalala ko tuloy 'yung isang sermon na ipinangaral ko dito hindi pa katagalan, *Ang Panala Ng Taong Nag-iisip*. Mayroon na marahil kayo nito. Patungo ako, naglalakad sa kakahuyan, nanghuhuli ako noon ng squirrel (nitong taglagas) at tumingin ako sa ibaba. At, siyempre, hindi ko puwedeng banggitin ang kumpanya ng sigarilyo. Alam n'yo na ito. At nakakalat doon ang isang—isang pakete ng sigarilyo ang nakakalat doon. At nilampasan ko lang ito, naghahanap ng . . . sa mga kakahuyan. At nakita kong nakakalat doon 'yung pakete, at lumingon ako muli,

sabi rito, “Ang panala ng taong nag-iisip, ang panlasa ng taong naninigarilyo.” Nagsimula lang akong maglakad sa kakahuyan.

²¹⁹ At sinabi ng Espiritu Santo, “Bumalik ka at pulutin mo ’yon.”

²²⁰ Inabot ko at pinulot ito, “Ang panala ng taong nag-iisip, ang panlasa ng taong naninigarilyo.” Naisip ko, “Isang kumpanya ng Amerikano rito, nagbebenta ng kamatayan sa ilalim ng pagbabalat-kayo, sa sarili nilang mga kababayang Amerikano.” Ang panala ng taong nag-iisip? Kayo. . . At ang panlasa ng taong naninigarilyo?

²²¹ Naroon ako noon sa Pandaigdigang Eksibisyon, kasama din doon si Yul Bryan. . . Brynner, at sila roon, noong ibinibigay niya ang lahat ng mga pagsusuri na ’yan. At kung paano niya inilagay ang isang sigarilyo at kinuha ang. . . palibot ng isang marmol at kinuha ang. . . Pinahid ang nikotina at inilagay ito sa likod ng isang daga, isang puting daga, at sa loob ng pitong araw punung-puno na siya ng kanser na anopa’t hindi na niya magawang maglakad. At sabi nila, “Alam ninyo, sabi nila isang ‘panala,’” sabi, “isang pakulo lang ito, nakakabenta ng mas maraming sigarilyo.”

²²² Nangangailangan ng napakaraming nikotina para masiyahan ang diablong iyan. Tama ’yan. At pag gumamit kayo ng isang sigarilyong may panala, mangangailangan ng mga apat na sigarilyo para punan ang lugar ng isa. Isa lamang itong pakulo para mabentahan kayo ng mas maraming sigarilyo. Hindi kayo magkakaroon ng usok kung walang tar; at sa tar, magkakaroon kayo ng kanser. Nakita ninyo kung paano ito? At ang nabubulagang mga Amerikano, na naghahanap ng isang kunehong lalabas sa isang sumbrero mula sa kung saan, nahuhulog sila rito. Hindi kayo maaaring magkaroon nito; kamatayan ito, wala akong pakialam saan man kayo magtungo, kamatayan ito saan mang lupalop kayo magpunta. “Panala ng taong nag-iisip,” hindi kailanman maninigarilyo ang isang taong nag-iisip, tama ’yan, kung mayroon nga talaga siyang pag-iisip.

²²³ Buweno, naisip kong sadyang puwede ’yang itulad sa mga iglesia. Kita n’yo? Naisip ko, may panala kaya ang Dios? Oo.

²²⁴ At may panala ang bawa’t iglesia. Tama ’yan. Sinasala nila ang mga pumapasok, at nagpapapasok rin sila ng napakaraming kamatayan.

²²⁵ Paano nga ninyo magagawang palapitin ang isang denominasyon na tumuluy-tuloy sa panala ng Dios? Paano n’yo ito gagawin? Paano n’yo palalapitin ang isang babaeng maikli ang buhok na tumuluy-tuloy sa Panala na iyon? Sabihin n’yo sa akin. Paano n’yo nga palalapitin ang isang babaeng nakasuot ng pantalon Doon, gayong “Karumal-dumal na manamit ang babae ng nauukol sa lalaki”? Kita n’yo, mahaharang siya ng

Panala ng Dios diyan sa labas pa lang, hindi siya Nito hahayaang makapasok. (Nguni't may sariling mga panala ang iglesya.) Kaya masasabi kong may Panala ang isang taong nag-iisip, 'yan ang Salita ng Dios, at angkop Ito sa panlasa ng isang banal na tao. Tama 'yan, isang banal na tao; hindi isang taong maka-iglesya, kundi panlasa ng isang taong banal. Sapagka't Ito'y dalisay, kabanalan, walang-halong Salita ng Dios! Mayroong Panala ang isang taong nag-iisip. At kasapi ng iglesya, ipinapayo ko sa iyong gamitin ang isang Iyan.

²²⁶ Sapagka't ipinapasok nito ang mundo, at isang limpak nito ay kamatayan. Ang isang limpak ay nagpapakumbo, ang kaunting lebadura ay nagpapakumbo sa buong limpak. "Sinuman ang mag-alis ng isang Salita mula Rito, o magdagdag ng isang salita Dito, ay aalisin ang bahagi niya mula sa Aklat ng Buhay."

²²⁷ Sa Halamanan ng Eden, ano ang nagdulot ng kamatayan, at lahat ng kapighatiang ito, bawa't kabiguan, bawa't munting sanggol na naghigingalo, bawa't paggaralgal ng kamatayan sa lalamunan, bawa't tumutunog na ambulansiya, bawa't ospital, bawa't libingan? Ay dahil sa pinag-alinlanganan ni Eba ang *isang* Salita (hindi ang lahat ng Ito), pinilipit lamang nito Ito. Ngayon, sinabi ng Dios, ang "Tao," doon, "kailangan niyang sundin ang *bawa't* Salita ng Dios." Ngayon, 'yan ang una sa Biblia.

²²⁸ Sa kalagitnaan ng Biblia, ay dumating si Jesus, at sinabi Niya, "Hindi sa tinapay lamang nabubuhay ang tao, kundi sa *bawa't* Salitang lumalabas sa bibig ng Dios." Hindi lamang bahagi ng mga Iyon, bawa't isa.

²²⁹ Sa hulihan ng Biblia, Apocalipsis 22, ay ibinigay ni Jesus ang patotoo tungkol sa Kaniyang Sarili. Ang Kapahayagan ng—ng Biblia ay si Jesus Cristo. At sinabi Niya, "Sinuman ang mag-alis ng *isang* Salita mula Rito, o magdagdag ng *isang* salita Dito, ay aalisin ang bahagi niya mula sa Aklat ng Buhay."

²³⁰ Ngayon, dumaan kayo *diyan sa* Panala ng taong nag-iisip, magkakaroon kayo ng panlasa ng isang banal na tao paglabas ninyo Riyan. Tama. Magkakaroon kayo ng banal na panlasa.

²³¹ Kapatid na babae, ikaw na nagsusuot ng mga damit na 'yon, pag-isipan mo ito. Pupunta ka sa . . . Sasabihin mo, "Malinis ako sa asawa ko." "Malinis ako sa kasintahan ko." "Isa akong malinis na dalaga." Nguni't paano naman iyang makasalanang tumitingin sa 'yo? Kapag nanagot siya para sa pangangalunya, sino'ng gumawa nito? Kita mo, magiging may sala ka. Nakitang nakasulat ito sa Salita, kaya ito ang . . . Kita n'yo? Oh, maging isang nag-iisip na babae. Maging isang nag-iisip . . .

²³² Sasabihin mo marahil, "Ito marahil . . ." Buweno, paano kung mangyari nga ito sa ganiyang paraan? Ganoon nga ang sabi Niya, at hindi mabibigo ni isang Salita. Kita n'yo?

233 Sinabi sa akin nung kilalang tao di pa katagalan, ipinatawag ako sa kaniyang kwarto, sabi, “Ipatatong ko sa ’yo ang mga kamay ko, Kapatid na Branham. Sinisira mo ang ministryo mo, sa pangangaral ng mga ganiyang bagay.”

234 Sabi ko, “Anumang ministryo na sisirain ng Salita ng Dios, ay dapat ngang masira.” Kita n’yo?

235 Sabi niya, “Papatungan kita ng kamay.” Sabi, “Isinugo ka upang manalangin para sa mga maysakit.”

236 Sabi ko, “Naniniwala ka ba sa mga bagay na ’yon, kapatid?”

Sabi niya, “Hindi. Nguni’t hindi na natin tungkulin ’yon.”

Sabi ko, “Kaninong Tungkulin ’yon, kung ganun?” Kita n’yo?

“Buweno,” sabi niya, “tungkulin ’yan ng pastor.”

237 Sabi ko, “Tingnan mo ang kongregasyon.” Uh-huh. Tama ’yan. Kita n’yo?

238 Bawa’t taon dinadaan kong ipinangangaral ang mga bagay na ito, at iniisip ko, “Siguradong nauunawaan nila Ito,” sa susunod na taon pagbalik ko, mas marami pa kaysa dati. Kita n’yo? Tama ’yan. Ipinapakita lang nito na “Marami ang mga tinawag datapuwa’t kakaunti ang mga nahirang.”

239 Ang pangunguna ay ang Espiritu Santo, kaibigan. Inaakay ka Nito at pinapatnubayan ka sa buong Katotohanan, kapag Siya ang Banal na Espiritu ay dumating. Ngayon pag-isipan mo ’yan. Gamitin ang Panala ng taong nag-iisip, ’yan ang Biblia. Hindi ang kredo ninyo, hindi ang iglesya n’yo; maliligaw kayo. Gamitin ang Panala ng taong nag-iisip.

240 Diyan ay kung saan hindi nag-isip ’yung kabataang lalaki. Tinanggap niya ’yung panala ng iglesya. Siya’y naging tanyag, isang dakilang tao, “Nguni’t sa hades ay itiningala niya ang kaniyang mga mata, na nasa pagdurusa.”

241 Tanggapin ninyo ngayon ang Panala ng isang taong nag-iisip, si Jesus Cristo, ang Salita, at maghahangad kayo ng panlasa ng isang banal na tao, sapagka’t mabibigyang-kasiyahan Nito ’yan. Kung taglay ninyo ang Espiritu Santo sa inyo, nabibigyan Nito ng kasiyahan ’yon.

242 Kung wala rian ang Espiritu Santo, sasabihin mo, “Oh, buweno, sa palagay ko wala namang kaibahan ’yan.” Tingnan mo kung anong ginawa mo diyan mismo! ’Yung ginawa rin ni Eba. Bumalik ka na naman uli mismo sa lugar ding iyon.

243 Ngayon patuloy pa tayo nang kaunti. Kunin natin ngayon . . . iwanan natin ang lalaking iyan diyan, na hindi gumamit ng naturang Panala ng Taong nag-iisip. Tinanggihan niyang tanggapin ang pangunguna ni Jesus Cristo, tungo sa Buhay na Walang Hanggan.

²⁴⁴ Ngayon gamitin nating halimbawa ang isa pang mayaman, na batang negosyante, isang pinuno na nagkaroon din ng gayong pagkakataon na nagkaroon ang lalaking ito. At tinanggap Ito, tinanggap niya ang pangunguna ni Cristo. Ngayon, mayroong dalawa sa kanila sa Biblia na pag-uusapan natin. Yaong isa nakita nating tumanggi Dito, kunin naman natin ngayon ang lalaking ito: isa pang mayaman, na batang negosyante, at isang pinuno. At tinanggap niya ang Pangunguna.

²⁴⁵ Sinasabi sa atin ng Mga Kasulatan ang tungkol sa lalaking ito, kung gusto ninyo itong markahan, sa Mga Hebreo 11:23 hanggang 29.

...*Moises*, sa pananampalataya, *ay tumangging tawaging anak ng anak na babae ni Faraon*;

Na pinili pa ang magdusa sa mga kalumbayan ng Dios...

Na inaring malaking mga kayamanan ang kadustaan ni Cristo kay sa lahat ng mga kayamanan ng Egipto:...

²⁴⁶ Kita n'yo, tinanggap niya ang Buhay na Walang Hanggan. Inari ni Moises ang—ang—ang kadustaan ni Cristo na malaking kayamanan kaysa lahat ng mga kayamanang mayroon ang sanlibutan. Itinuring ni Moises na pinakadakila Iyon. Ngayon, hindi nitong mayamang lalaki.

²⁴⁷ At si Moises ay isang mayaman, na batang pinuno, na magiging isang Faraon. Anak siya ni Faraon, at tagapagmana ng trono. At tumingin siya sa kaimposiblehan, isang pangkat ng mga tagatapal ng putik, isang pangkat ng mga alipin. Nguni't nakita niya sa pamamagitan ng pananampalataya ang pangako ng Dios, sa pamamagitan ng Salita, “Na ang kaniyang bayan ay makikipamayan sa loob ng apat na raang taon sa ibang lupain, nguni't ilalabas sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay.” At itinuring niya Iyon (aleluya) na mas malaking kayamanan kaysa lahat ng mga kayamanan ng Egipto, sapagka't tinalikuran niya ang Egipto nang hindi nalalaman kung saan tutungo. Pinangunahan siya ni Cristo. Tumalikod siya!

²⁴⁸ At nakalagay na sa luklukan ang kaniyang paa, at marahil siya na ang—ang susunod na Faraon noon sa Egipto. Nguni't pinahalagahan niya ang kadustaan ni Cristo. Ang kadustaan! Ang tawagin na yaong “isang kakaiba,” tawagin na “panatiko,” na mapabilang siya kasama ang mga tagatapal ng putik at ng mga panatiko; sapagka't nakita niya na ang oras, kung kailan ang Kasulatan ay ipinangakong magaganap, ay naroon na sa panahong iyon.

²⁴⁹ At O iglesia, gumising na! Hindi ba ninyo nakikita ang gayun ding bagay ngayong gabi? Nasa atin na ang oras na ipinangako. Ituring ang kadustaan ni Cristo bilang mas malaking kayamanan kaysa sa lahat ng pakikisama ng anumang

bagay; kung katumbas man nito ay ang ama at ina, iglesya, ano pa mang bagay. Sundan ang pangunguna ng Espiritu!

²⁵⁰ Hayaang sundan natin itong Cristo sa ilang, itong si Moises, sa ilang sandali, na gumawa niyan; tungkayan natin ang buhay niya. Ang unang bagay, nang tanggapin niyang piliin ang kadustaan ni Cristo at talikuran ang kaniyang pinag-aralan, talikuran ang lahat ng kaniyang karunungan. . . Tinuruan siya sa lahat ng karunungan ng mga taga-Egipto. At lahat ng kaniyang popularidad, kaniyang trono, kaniyang setro, kaniyang pagkahari, kaniyang korona, lahat ng mayroon siya, tinanggihan niya iyon!

²⁵¹ At itong isang lalaki naman ay ginusto iyon, at tinanggihan si Cristo; at tinanggihan iyon ng lalaking ito, at tinanggap si Cristo. At ano kaagad ang nangyari? Kinailangan niyang ihiwalay ang kaniyang sarili.

²⁵² Aleluya! Ang kahulugan ng naturang salita ay “Purihin ang ating Dios!” Nakalulungkot lang na nakakalimutan na natin ito.

²⁵³ Tinanggihan niya ang mga luklukan at ang popularidad. Maaari siyang magkaroon ng mga kabataang babae na . . . daan-daang mga asawa, at maaari siyang magkaroon ng mga setro sa ilalim ng Egipto, pamunuan ang mundo! Nakalatag na ang mundo sa mismong paanan niya, at tagapagmana siya sa bawa’t kaliit-liitan nito. Nguni’t sa pagtingin sa Kasulatan at nakikita ang araw na kinabubuhayan niya, at alam na mayroong Isang bagay sa kaniya, nagsimulang kumilos iyong itinalagang Binhi ng Dios!

²⁵⁴ Wala akong pakialam kung gaano ka pa kasikat, o kung gaano ka *kaganito*, maaaring isa kang presbyter, maaaring isa kang pastor, maaaring isa kang *ganito*, *ganiyan*, o na *iba pa*, nguni’t kung yaong Salita ng Buhay na Walang Hanggan sa pamamagitan ng Salita ng Dios ay itinalaga na sa iyo, at nakikita mo ang bagay na nalalapit na, magsisimula na itong gumana, kumikilos na gaya niyan. [Pinalalagitik ni Kapatid na Branham ang kaniyang daliri nang ilang beses—Pat.] Magsisimula nang lumabas! Magsisimula nang maunawaan Ito!

²⁵⁵ At tumanggi siyang matawag na anak ng anak na babae ni Faraon, sapagka’t itinuring niya ang kadustaan ni Cristo na mas malaking kayamanan kaysa lahat ng mga kayamanan ng Egipto o ng sanlibutan. Pinalalagahan niya Iyon. Masdan kung ano ang kaniyang ginawa, sinundan niya Ito! Hanggang, mabilis siyang pinalayas mula sa kaniyang bayan, ang mga taong minahal siya nang minsan.

²⁵⁶ Maaaring ang lahat ng mayroon kayo ang maging kabayaran Nito sa inyo. Maaaring maging kabayaran Nito sa inyo ang inyong tahanan, maaaring maging kabayaran Nito sa inyo ang inyong pagkakaibigan, maaaring maging kabayaran Nito sa inyo ang inyong stitch-and-sew party, maaaring maging kabayaran

Nito sa inyo ang lugar ninyo sa Kiwanis. Maaaring ganoon. Hindi ko alam kung ano ang magiging kabayaran Nito sa inyo, nguni't magiging kabayaran Nito sa inyo ang lahat ng bagay na makasanlibutan o mga patungkol sa sanlibutan. Kakailanganin ninyong ibukod ang sarili ninyo sa lahat ng mga bagay na makasanlibutan. Kailangan ninyo itong gawin.

²⁵⁷ Isinantabi ni Moises ang lahat ng bagay at nagtungo sa ilang na may isang patpat sa kaniyang kamay. Amen! Nagdaan ang bawa't araw. At naisip kaya niya kung nagkamali ba siya? Hindi.

²⁵⁸ Kadalasan maraming tao ang nagsisimula, at sinasabi nila, "Oh, gagawin ko ito. Luwalhati sa Dios, nakikita ko Ito!" Pagtawanan ka lang ng kung sino at gawin kang katatawanan, "Mali nga siguro ako."

²⁵⁹ Sabi niya, "Sila na hindi kayang tiisin ang palo ay mga anak sa ligaw at hindi tunay na mga anak ng Dios." Kita n'yo, nadala sila sa gawa-gawang emosyon. Kita n'yo, ang binhi na sinabi ko kani-kanina lang, wala ang kaluluwang iyon doon sa simula pa lang. Pinahiran iyon ng Espiritu, at nagawa niya ang lahat na ng uri. Oh, kayo, sila. . . Kapag pinahiran ang iyong espiritu, kaya mong. . . Ito ang tunay, na totoong Banal na Espiritu, at maaaring isa ka pa ring diablo.

²⁶⁰ "Oh," sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham!"

²⁶¹ Mga bulaang propeta! Sinabi ng Biblia, "Sa mga huling araw ay magkakaroon ng mga bulaang propeta." Sinabi ni Jesus, "May magsisilitaw na mga bulaang cristo." Hindi "bulaang mga Jesus," ngayon, walang sinumang hahayaan ang ganiyan; kundi "mga bulaang cristo." Ang *Cristo* ay nangangahulugang "ang mga pinahiran." Huwad ang pagkapahid; pinahiran sila, subali't mga bulaan sila sa ilalim nito, at gumagawa ng dakilang mga tanda at mga kababalaghan, nagsasalita sa ibang mga wika, nagsasayaw sa Espiritu, nangangaral ng Ebanghelyo.

²⁶² Ginawa iyon ni Judas Iscariote! Si Simeon. . . o hindi, paumanhin sa inyo. . . si Caifas ay nagpropesiya! Si Balaam, ang mapagpaimbabaw! Sigurado, ginawa ang lahat ng mga tanda, lahat ng bagay, lahat ng gawaing panrelihiyon.

²⁶³ Nguni't, nakita ninyo, maglagay kayo ng binhi ng isang sigay-tinik at isang binhi ng trigo sa iisang punlaan at idilig ang tubig sa mga iyon at pahiran ang mga iyon, parehas silang magagalak. Parehas silang lalago sa pamamagitan nito, ng siya ring tubig. "Sumisikat ang araw sa mga matuwid at di-matuwid, at bumubuhos ang ulan sa mga matuwid at di-matuwid, datapuwa't sa kanilang mga bunga ay mangakikilala ninyo sila." Paano ninyo magagawang umiwas mula sa paglinya sa Salita? Amen. Nakita n'yo kung ano'ng ibig kong sabihin? "Bumubuhos ang tubig sa matuwid at sa di-matuwid," pinahiran.

²⁶⁴ Sabi ni Jesus, "Magsisilapit sila sa Akin sa araw na yaon, na mangagsasabi, 'Panginoon! Panginoon! Hindi ba nagpalayas ako

ng mga demonyo? Hindi ba nagpropesiya ako? Hindi ba gumawa ako ng mga dakilang bagay sa Pangalan Mo?” Sasabihin Niya, “Kayong manggagawa ng katampalasanan, magsilayo kayo sa Akin, ni hindi Ko nga kayo nangakikilala. Pumaroon kayo sa walang hanggang impiyerno na inilaan para sa Diablo at sa kaniyang mga anghel.” Nakita ninyo? Napakatinding salita! Sa kabulaanan. Sumasamba nang walang kabuluhan, nagsusumikap nang walang kabuluhan. Bakit ninyo ginagawa 'yon kung hindi naman ninyo iyon dapat gawin? Bakit kukuha ng isang kahalili kung punung-puno naman ang mga Kalangitan ng tunay? Kita n'yo? Hindi n'yo kailangang gawin 'yon.

²⁶⁵ Nalaman natin ngayong pinahiran si Moises, walang anumang makapagpapabalik sa kaniya. Tinanggihan siya ng sarili niyang mga kapatid; hindi 'yon nakapigil sa kaniya. Nagtungo pa rin siya sa ilang. At isang araw sa labas doon, nakatagpo niya nang harapan ang Dios, na may isang Haligi ng Apoy na nakabitin sa isang palumpong. Sabi, “Moises, hubarin mo ang iyong panyapak, ang iyong dakong kinatatayuan ay Banal. Sapagka't dininig Ko ang mga pagsusumamo ng Aking bayan, at dininig Ko ang kanilang mga daing, at naalaala Ko ang Aking ipinangako sa Salita. At Ako'y bababa, Aking isusugo ka roon upang ilabas sila.” Tiyak nga. Nakatagpo niya ang Dios nang harapan, nakipag-usap siya sa Kaniya. Inatasan siya ng Dios.

²⁶⁶ Bumalik mismo ang Dios, ang siya ring Haliging Apoy, at pinagtibay ang propetang iyon na nakatayo doon mismo sa bundok; upang patunayan na ito nga, nang kuhanin Niya ang kaniyang mga kamay at ipinamalas ang lahat ng uri ng mga himala at mga bagay. Oh, mayroon silang mga manggagaya noon. Oh, sigurado. Naroon sina Jambres at Jannes, nakatayo mismo sa paligid, ginawa ang siya ring bagay na ginawa nila. Nguni't sino ang orihinal? Kita n'yo? Saan ba ito nagsimula? Nagbuhat ba ito sa Salita? Iyon na ba ang oras?

²⁶⁷ At alam ba ninyo na ipinangakong muli ang gayun ding bagay sa mga huling araw? “Kung paanong si Jambres at si Jannes ay nagsilaban kay Moises, ay gayon din naman ang mga taong ito, na masasama ang pag-iisip tungkol sa Katotohanan.” Kita n'yo, sa mga huling araw. At ginagawa ang gayon ding bagay, (ginagawa ang lahat ng bagay), doon mismo sa siya ring kanal, “Baboy na bumabalik sa lubluban nito, at ang aso sa suka nito.”

²⁶⁸ Kayong mga Pentecostal na nagsilabas sa mga organisasyong iyon nang nakaraang mga taon at isinumpa ang mga iyon, ang inyong mga ama at mga ina; at nagsibalik kayong muli at ginawa ang gayon ding bagay na ginawa nila, at ngayon sadyang sa gayon na ring lubluban at suka. Kita n'yo? Kung nagawa nitong isuka ito ng Iglesya sa kapanahunan ng unang Pentecostal, gagawin nitong muli na isuka Nito ito

ngayon. Kita n'yo? Kailangang maging ganito, gayunman, ito ang talukap, na kailangang dumating. Hindi maaaring magisa lamang ang uhay; kailangang dumating ang talukap, nakita n'yo, ang tagapagdala. Ngayong nabubuhay tayo sa mga *huling* araw, masdan ang mga bagay na ipinangako para sa panahon ngayon.

²⁶⁹ Masdan itong si Moises na pinatotohanan. Alam! Nang lumabas siya roon, nagsilaban sa kaniya ang ilan sa mga kapatid niya, na nagnais na gumawa ng organisasyon. Sinabi nila, "Umaasta ka na akala mo ikaw lang ang nag-iisang banal na tao sa atin." "Ang buong kongregasyon ay banal," sabi ni Kora, Dathan. "Pumili tayo ng mga tao at gumawa ng isang bagay."

²⁷⁰ Si Moises, siya . . . Nalungkot ako para sa kaniya. Bumaba siya, ang sabi, "Panginoon . . ." Nagpatirapa sa harap ng altar at nagsabi, "Panginoon!"

²⁷¹ Sinabi ng Dios, "Humiwalay ka sa kanila. Labis na ito." Pinabuka na lamang ang lupa at nilamon sila. Iyon lang. Kita n'yo, alam niya ang pagkatalaga sa kaniya.

²⁷² Hindi nakikipag-ugnayan ang Dios sa mga organisasyon, hindi Siya nakikipag-ugnayan sa mga grupo-grupo. Nakikipag-ugnayan Siya sa mga indibiduwal. Tama 'yan. Palagi. Hindi sa grupo; mga indibiduwal, isang tao. Sa mga *huling* araw, sinabi Niya, "Nakatayo Ako sa pintuan at tumutuktok, at kung sinoman . . ." (hindi "anumang grupo") ". . . sinoman ang duminig sa Aking Tinig, Ako'y . . . at duminig sa Akin, Ako'y papasok sa kaniya at hahapon." Kita n'yo, "Kung sinuman ang makarinig."

²⁷³ Paano magagawa—paano ngayon magagawa ng mikroponong ito na mailabas ang tinig ko diyan liban na ginawa itong ganun? Maaari akong humiyaw diyan sa pisara, nang buong lakas ko, at wala itong magagawa. Sapagka't itinalaga ito, at ginawa, nilikha, na isang mikropono. At kung nasa sa inyo ang Salita ng Dios mula pa sa paunang pagtatalaga ng Dios, sa inyo, "Dinirinig ng Aking mga tupa ang Aking Tinig. Kanilang nalalaman ang Aking oras. Sa iba'y hindi sila magsisisunod." Kita n'yo? Kailangang maging ganoon muna ito. "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama, sila'y magsisilapit." Bawa't isa sa kanila, kita n'yo.

²⁷⁴ Ngayoy nagpatuloy siya, dito sa dulo ng buhay. Dumaan lamang siya . . . Pansinin nang dumating siya sa dulo ng daan.

²⁷⁵ At nagtatapos na tayo ngayon dahil lumalalim na ang gabi, dalawampu't limang minuto bago mag-alas-diyes. Pansinin. Ngayon, sa bahay maaga pa 'yan. Mga alas-dos o alas-tres sinisimulan naming sabihin, "Tek, medyo dis-oras na ng gabi." Kita n'yo? Kita n'yo? Pero ngayon, nakapangaral na kasi ako nang napakaraming gabi, buong gabi.

276 Ipinangaral din ni Pablo ang Ebanghelyo ring ito sa kaniyang panahon, at isang binata ang nahulog sa isang— isang pader at napatay ang sarili nito. At si Pablo, na taglay ang siya ring pahid na iyon, na taglay ang siya ring Ebanghelyo, ay inihimlay ang kaniyang katawan sa binata, nabuhay itong muli. Naging interesado sila. Nabubuo na noon ang iglesya. May kung anong nagaganap. Pansinin kung ano ang naganap dito.

277 Si Moises, nang bumaba siya . . .

278 Itong mayamang lalaki, nang humantong siya, 'yung binatang pinuno na pinag-uusapan natin, napakarelihiyoso, at kaanib sa iglesya at lahat na, mahusay, edukado, isang magaling na negosyante, at lahat na, nang dumating na siya sa dulo ng daan, ay nagsimula siyang humiyaw, "Wala nang matutungtungan kahit saan!" Nasaan ang kaniyang pangunguna? Noon pa ay inakay na siya ng kaniyang iglesya, na patay naman. Inakay siya ng isang patay na sanlibutan, at wala na siyang matungtungan kundi kung ano ang inihanda ng sanlibutan para rito: impiyerno.

279 Nguni't narito si Moises, isang matapat na lingkod na itinuring ang kadustaan ni Cristo na mas malaking kayamanan kaysa sa lahat ng mga yaman ng Egipto. Dumating siya sa dulo ng daan, na isa nang matandang lalaki, isandaan at dalampung taong gulang. Umakyat doon sa bundok, at alam niyang nakalatag na sa kaniyang harapan ang kamatayan, at tumanaw siya roon sa lupang pangako. At tumingin siya; naroroon sa kaniyang tabi, naroon ang kaniyang Tagapanguna, ang naturang Bato. Tumungtong siya sa Bato, at dinala siya ng mga Anghel ng Dios patungo roon sa Kaluwalhatian—sa Kaluwalhatian ng Dios, papasok sa kandungan ng Dios. Bakit? Makaraan ang walong daang taon, inaakay pa rin siya ng kaniyang Tagapanguna.

280 Nakita natin siya doon sa Bundok ng Pagbabagong-anyo, na nakatayo roong kasama ni Elias, kinakausap si Jesus bago Siya nagtungo sa krus, walong daang taon matapos mamatay. Ang—Yaong kaniyang itinuring, ang kadustaan ng kaniyang ministeryo, bilang mas malaking kayamanan kaysa sa lahat ng popularidad ng sanlibutan at lahat ng salapi ng sanlibutan, inaakay pa rin siya ng kaniyang Tagapanguna. Oh, naku! Pinangunahan siya! Ang kaniyang Tagapanguna, pinangunahan Niya hanggang sa kamatayan, sa mga anino ng kamatayan. Siya'y inakay sa libingan. Makaraan ang daan-daang taon, naroon siyang nakatayo muli sapagka't, gaya noong kaniyang kabataan, pinili niya ang pangunguna ng Espiritu Santo. Magiging dakila ang kaniyang pangalan kapag wala na ang Egipto o mga kayamanan man. Kapag abo na ang mga piramide, at kapag hindi na Egipto ang Egipto, magiging imortal si Moises sa gitna ng mga tao sapagka't tinanggap niya ang pangunguna ni Cristo sa halip na tahakin ang tinahak ng kaniyang iglesya.

281 Mayroon pang iba na gumawa ng gayun ding bagay. Tingnan si Enoc. Lumakad siyang kasama ng Dios nang limandaang taon, at pagkatapos ay nagkaroon siya ng isang patotoo na “Siya’y naging kalugud-lugod sa Dios.” Pinatunayan ito ng Dios, at sinabi, “Hindi na kailangan na mamatay ka pa, umuwi ka na lang paakyat sa Tahanan ngayong hapon.” At umakyat siya.

282 At si Elias. Matapos sawayin ang maiikling-buhok na mga kababaihan at lahat na, gaya ng ginawa niya sa kaniyang panahon, mga Jezebel na mayroong kolorete, matapos na lubos na mapuno na siya rito, at—at ginawa na ang lahat ng kaniyang makakaya, at ginagawa siyang katatawanan ng mga saserdoteng iyon, at lahat ng iba pa, naglakad siya doon sa ilog isang araw. At doon lang sa kabila ng ilog ay ang mga kabayong nakatali sa isang palumpong sa banda roon, isang karwaheng apoy at mga kabayong apoy. Sumampa siya noon din, at inihagis niya ang kaniyang balabal sa sumunod na propeta na susunod sa kaniya, at umakyat sa Langit. Tinanggap niya ang pangunguna ng Buhay na Walang Hanggan, sapagka’t si Cristo iyon na na kay Elias. Oh! Siyanga, po!

283 Ano nga ito? “Sumunod ka sa Akin!” Ngayon dapat kayong pumili ng *inyong* tagapanguna. Kailangan n’yong piliin ito, mga kaibigan. Tumingin sa salamin ng Dios, ang Biblia, at tingnan kung nasaan kayo sa gabing ito.

284 Isang munting kuwento. Isang batang paslit, minsan, naninirahan sa lalawigan. Hindi pa siya nakakita ng salamin kailanman, at dumayo siya sa lungsod upang makita ang kapatid na babae ng kaniyang ina. At mayroon itong bahay. . . at dati-rati ang mga lumang estilong bahay ay may salamin sa may pintuan; hindi ko alam kung naaalala pa ninyo ’yon o hindi na. Nguni’t itong batang lalaki, hindi pa siya nakakita kailanman ng isang salamin. Kaya noo’y naglalaro siya sa palibot ng bahay, at napatingin siya sa. . . “Huh?” Tumingin siya doon sa batang lalaki. At kumaway siya, at kumaway ang batang lalaki. At hinila niya ang kaniyang tainga, at hinila ng batang lalaki ang tainga nito. At nagpatuloy nang ganoon. Patuloy siyang lumakad, palapit, at umikot siya at sabi, “Nanay! Ako po ’yon!” Ako ’yon.

285 Ano ba ang itsura *ninyo*? Ano ang *inyong* sinusundan? Ano ang ginawa natin? Kailangan ninyong piliin ang *inyong tagapanguna*. Pumili kayo ngayon. Piliin ninyo ang Buhay o ang kamatayan. Ang *inyong* pipiliin ang magtatakda ng *inyong* Walang Hanggang patutunguhan, kung ano ang piliin n’yo. Tandaan, sinabi ni Jesus, “Sumunod ka sa Akin.” At inaanyayahan kayo sa gabing ito na gawin ang gayon. At upang makasunod sa Kaniya sa Buhay na Walang Hanggan ay dapat kayong lumapit ayon sa Kaniyang mga itinakda, tama ’yan, ang Salita. Hindi sa kredo, hindi sa kuru-kuro ng taumbayan, hindi

sa kung ano ang iniisip ng sinuman tungkol Dito, kundi sa kung ano ang sinabi ng Dios tungkol Dito.

²⁸⁶ Sasabihin n'yo, "Buweno, Kapatid na Branham, may kilala akong isang babae na talaga namang napakabuti niya, ginagawa niya *ito*. May kilala akong isang lalaki na pinagdaanan ang *ganito*."

²⁸⁷ Hindi ko mapipigilan ang anumang ginawa nila. Ang Salita ng Dios, sabi Niya, "Hayaang bawa't salita ng tao'y maging kasinungalingan, at maging Akin ang Katotohanan." Kailangan ninyong lumapit ayon sa Kaniyang mga itinakda, lumapit ayon sa Kaniyang mga kondisyon, ang Salita. Hindi kayo maaaring lumapit sa pamamagitan ng kredo. Hindi kayo maaaring lumapit sa pamamagitan ng denominasyon. Hindi ninyo Ito maaaring ihalo na gaya nyan. Iisa lamang ang bagay na maari ninyong gawin: tanggapin Ito ayon sa Kaniyang itinakda, na handa kayong mamatay sa inyong sarili at sa lahat ng inyong mga pag-iisip, at sumunod sa Kaniya. "Iwaksi ang lahat ng mga bagay ng sanlibutan, at sumunod sa Akin."

²⁸⁸ Alam kong isa 'yang mabagsik, na nakakasakit na Mensahe, kapatid. Subali't hindi ako nagtungo rito at pumili ng isang— isang mensahe sa mga tao para lang subukan silang mapaawit, mapasigaw, mapahiyaw. Nakapunta na ako sa mga paganong pagtitipon kung saan ginawa nila ang gayun ding bagay. Interesado ako sa inyong buhay. Isa akong lingkod ng Dios na kailangang managot sa Dios pagdating ng panahon, at ang ministeryo na ipinagkaloob sa akin ng Panginoon ay pinatotohanan ang sarili nito nang ilang libong beses na sa harap ninyo.

²⁸⁹ Alalahanin, sinabi ni Jesus, "Sumunod ka sa Akin. Sumunod ka sa Akin. Iwaksi ang anumang bagay na mayroon ka, at sumunod sa Akin." At iyan ang tanging paraan upang magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan. Iyan lamang ang lunas na ibinigay Niya rito sa lalaki, ang tanging lunas na ibinigay Niya rito sa negosyante, ito ang tanging lunas na ibinibigay Niya sa sinuman. Ang Kaniyang pinili, ginagawa Niya ang Kaniyang pasya, sakdal iyon sa tuwina. At dapat tayong sumunod sa *Kaniya*, ang tanging paraan upang magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan. Kaya ang pangunguna ng Dios ay: sundin ang pinagtibay na Salita sa panahong ito sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

Iyukod natin ang ating mga ulo:

²⁹⁰ Magtatanong ako sa inyo ng isang katanungan, at nais kong maging lubos kayong matapat. Nais kong tugtugin ito ng babaeng kapatid para sa akin, *I Can Hear My Saviour Calling*. Alam kong isa itong makalumang pagtawag sa altar. At lalaking kapatid, babaeng kapatid, gaya ng nakikita natin, tingnan lamang kung anong nagaganap sa ngayon. Ngayon

habang nakayukod ang mga ulo ninyo, mag-isip lamang sandali, tingnan kung ano na ang mga nagaganap.

²⁹¹ Nabasa ba ninyo sa pahayagan noong nakaraang linggo kung ano ang sinabi ng lalaking iyon na nasa Inglatera? Na “Ang pagkapako kay Jesus Cristo ay isang huwad lamang, inayos lamang ito sa pagitan Niya at ni Pilato.”

²⁹² Nakita ba ninyo kung ano ang sinabi nitong Amerikanong teologo? Sinabi niya na “Pinatulog lamang si Jesus na gamit ang damong mandragora.” Marami sa inyong mga teologo ang nakakaalam, doon noon sa Genesis kung saan nagbanggit ito tungkol sa damong mandragora. Patutulugin ka nito na para kang patay na, halos hindi na tumitibok ang iyong puso sa isang pagkakataon sa dalawa o tatlong araw. “At nang ibigay nila sa Kaniya ang suka at apdo,” sinabi nila, “yun ay damong mandragora. At inilagay nila Siya roon sa libingan, at natulog Siya roon nang tatlong araw. At, siyempre pa, nang magtungo sila roon, nakita nila Siyang naglalakad-lakad.” Maiisip n’yo ba ‘yon? Mga teologo, mga seminarista, gawagawang pananampalataya. Kung gano’n papaanong naging... Unang-una, sinabi ng Biblia na tinanggihan Niya iyon, nang ilagay nila ang suka at apdo sa Kaniyang bibig.

²⁹³ At isa pang bagay, kung magkagayon nga, kung ganoon bakit ginawa nitong mga alagad “na dumating at itinakas Siya,” bakit nila ibinigay ang kanilang buhay sa pagdurusa para sa Kaniya? At nabuwal, ibinilang ang kanilang sarili na hindi man lang karapat-dapat mamatay na gaya ng Kaniyang pagkamatay; ibinaliktad sila pababa at patagilid sa mga krus at mga gayong bagay. At kung sila nga ay...nalaman na Siya ay isang mapagpaimbabaw at sila mismo ay mga mapagpaimbabaw, paano nga nila naibigay ang kanilang buhay para sa Kaniya na gaya niyaon?

²⁹⁴ Oh, nakita ninyo, ‘yon ay itong intelektuwal na panahong kinabubuhayan natin. Edukasyon, sibilisasyon, at ang makabagong kalakaran ng panahon, ay lahat sa Diablo. “Sibilisasyon ay sa Diablo?” Siyanga, po! Sinabi ng Biblia na ganon nga ito. Ang sibilisasyong ito ay may taglay na kamatayan. “Magkakaroon ba tayo ng sibilisasyong tulad nito sa kabilang daigdig?” Hindi, po! Magkakaroon tayo ng ibang uri ng sibilisasyon. Edukasyon, lahat ng mga bagay na ito, sa Diablo ang mga ‘yan; ang agham na binabaluktot ang mga natural na bagay, gumagawa ng iba pang bagay.

²⁹⁵ Tingnan n’yo kung anong ginawa nila sa inyo ngayon. Kung kailan ang mga kabataang babae... Sinabi ng *Reader’s Digest*, isang linggo matapos... buwan bago nitong huli, sa palagay ko’y ito nga. Sinabi ng *Reader’s Digest* na “Dumaraan sa kalagitnaanang gulang ang mga kabataang lalaki at mga kabataang babae, ang mga kababaihan nagme-menopause na

sa pagitan ng dalampu at dalawampu't limang taong gulang." Isa pang henerasyon, sila'y magiging wala na kundi... Ito'y magiging nakapanghihilakbot na tingnan. Kita n'yo? Kung magiging ano na ang mga nilalang, pinalambot, na madumi na. Tingnan ang—tingnan ang espiritu, tingnan kung paanong ang espiritu sa iglesya ay naging, hybrid na, nakipag-asawahan na sa sanlibutan. Oh, anong panahon! Magsitakas kayo, mga anak! Magsitakas! Magsitakas kayo patungo sa krus! Magtungo kay Cristo, hayaang akayin Niya kayo.

²⁹⁶ Habang nakayukod ang ating mga ulo, nakapikit ang ating mga mata, at pakiusap na iyukod din ang inyong puso, nang magkasabay. Maaari ba? Nais ko kayong tanungin ng isang katanungan. Tinitingnan n'yo ba talaga ang sarili n'yo, sa Dios? At nadarama n'yo ba na wala pa kayo sa kung saan kayo—kayo dapat na naroroon sa oras na ito? Pagka't maaaring dumating anumang oras ang Pag-agaw. Kita n'yo, darating ito.

²⁹⁷ Magkakaroon lamang, kung—kung totoo ang pahayag na ginawa ko kani-kanina lang, may mga limandaang katao lamang sa Pag-agaw, na nangabubuhay, babaguhin sila. Aba, pagsama-samahin na lahat ng Sangkakristiyanuhan, Katoliko at lahat na, mayroon lamang limandaang milyong katao, kita n'yo, na nag-aangkin ng Cristianismo. At isa mula sa isang milyon, magiging limandaang katao. May mga ganiyan karaming tao na nawawala araw-araw, sa buong mundo, na hindi man lamang natin maipaliwanag. Kita n'yo, darating ito, at ni hindi ninyo ito malalaman. Magpapatuloy ang mga tao sa pangangaral, at nagsasabi. . . Kita n'yo, at tapos nang lahat ito.

²⁹⁸ Tulad ng sinabi ni Jesus. Sabi nila, sinabi ng mga alagad, "Bakit sinasabi ng mga eskriba, sabi, 'Kinakailangang pumarito muna si Elias?'"

²⁹⁹ Sabi Niya, "Naparito na siya at hindi ninyo siya nakilala, kundi ginawa nila sa kaniya kung ano ang kanilang sinabing gagawin nila."

³⁰⁰ Alam ninyo na hindi kayo matuwid sa Dios, at nais ninyo na alalahanin sa. . . sa Dios, na isasaayos ng Dios ang inyong puso na matuwid sa Dios. Maaari bang magpakumbaba lamang kayo ngayon, sa napakatahimik na sandaling ito, itaas ang inyong mga kamay? Wala sa akin kung sino ka man, maaari mo bang gawin 'yon? Sinasabi mo, "Itaas ko ang aking mga kamay sa Dios." Pagpalain ka ng Dios. Pagpalain ka ng Dios.

³⁰¹ Tumitingin ba kayo sa Salamin? Tinatanong ko kayo sa Pangalan ni Cristo, tumitingin ba kayo sa Salamin ng Dios? [Isang kapatid na lalaki ang nagsasalita sa ibang wika. Isang kapatid na lalaki ang nagbibigay ng interpretasyon—Pat.] Amen.

³⁰² Nais kong magtanong ng isang bagay. Ilan sa mga naririto ang mga Pentecostal? Itaas ang inyong kamay, mga Pentecostal.

Halos bawa't isa sa inyo. Ngayon, ilan sa mga naririto ang nag-aangkin bilang mga Cristiano? Itaas ang inyong mga kamay, kahit nasaan man kayo, nag-aangking isang Cristiano. Alam ba ninyong nangusap ang Biblia tungkol dito, na magaganap ito?

³⁰³ Maging ito ay naganap sa Lumang Tipan noong nag-iisip sila kung ano ang kanilang gagawin, kung paano sila makakatakas sa paglusob na paparating na. Bumaba ang Espiritu sa isang lalaki at nagpropesiya siya at sinabi sa kanila kung saan katatagpuin ang kaaway, at kung paano, kung ano ang panggapi sa kaaway. Sa Lumang Tipan 'yon, gaya rin ng sa Bago.

³⁰⁴ Ngayon, maaaring may magsabi, "Ang lalaking 'yon, oh, hindi ganun 'yo." Pero paano kung ganun nga? Sasabihin mo, "Oh, narinig ko na 'yan dati." Nguni't paano kung ganun nga ito? Nakita ninyo, pinatutunayan niyan kung gayon na marami dito ang nangangailangan ng isang pagbabago ng puso, kung ang Espiritu Santo iyan na nangungusap. May mga bagay na kailangang gawin, kaya nasa inyo na ito ngayon.

Just as I am, without one plea,
But that Thy Blood was shed for me,
And that Thou bids . . .

Iyan nga, katatawag lang Niya sa inyo.

. . . to Thee,
O Lamb of God, . . .

"Aking aalisin iyang matigas na puso, at ilalagay ang isang pusong laman dito, na magpapasakop sa Akin." Kita n'yo?

. . . come!
Just as I am, Thou wilt receive,
Wilt . . .

Maaari bang pumili na kayo ngayong gabi? Maaari ninyong gawin alin man ang isa na nais n'yo.

. . . cleanse.

Sasabihin mo, "Narinig ko na 'yan dati." Nguni't maaaring ito na ang *huling* beses na maririnig mo Ito.

Because Thy promise I believe,

Ang mga makalumang pagtawag sa altar, wala na sa uso ang mga iyon ngayon, nguni't kumikilos pa rin ang Dios sa mga iyon. Hindi ba ninyo Ito nadaramang kumikilos sa inyo, iglesya?

. . . I come!

³⁰⁵ [Si Kapatid na Branham ay nagsimulang humiging ng *Just As I Am*—Pat.] Oh, mag-isip, sa araw na ito, nagiging matigas na ang mga puso, punung-puno ng sanlibutan, walang pakialam, mga miyembro ng iglesya, malahininga, gaya niyaong mayaman, na batang pinuno; at hindi nalalamang nakatayo ang dakilang Espiritu Santo, tumutuktok sa pintuan nitong Kapanahunan ng Laodicea. "Siya na dirinig ng Aking Tinig (ang Salita), na

magbubukas ng kaniyang puso, Ako'y papasok sa kaniya at hahapong kasama niya.”

³⁰⁶ At ang Espiritu na nangusap sa pamamagitan nitong kapatid ilang minuto ang nakararaan, sinabing, “Aking aalisin ang pusong bato mula sa inyo, at bibigyan kayo ng isang pusong laman, na malambot tungo sa Dios.” Tingnan kung naging ano na ito ngayon, isa lamang—isang intelektuwal, na emosyon. Kita n’yo? Hindi isang pusong malambot na puno ng pag-ibig at katimyasan tungo kay Cristo.

³⁰⁷ [Nagsimulang ihiging ni Kapatid na Branham ang koro—Pat.] Hindi ba ninyo nais ang ganiyang uri ng puso? Paano ninyo haharapin si Cristo nang may intelektuwal na kaisipan tungkol sa Kaniya? Kailangan ninyong tanggapin ang Buhay na Walang Hanggan.

. . . was shed . . .

Ang paghahanda ay ginawa sa pamamagitan ng Dugo.

And that Thou bids . . .

Ano ang Kaniyang ginawa? Ibinuhos ang Kaniyang Dugo. At inaanyayahan kayo ngayon, “Halikayo.”

. . . to Thee,

O Lamb of God, I come! I come!

³⁰⁸ Ating, bawa’t Cristiano, itaas lamang nang tahimik ang ating mga kamay ngayon at manalangin.

³⁰⁹ O Dios, pakiusap, Panginoon, saluhin Mo po itong araw na aming kinabubuhayan. Oh, napakahirap nito, Ama. Lubhang napakarami nang ginawa ni Satanas sa mga tao. Naging matigas na ang kanilang mga puso. Nangungusap mismo ang Iyong Espiritu; sumusulong ang Iyong Salita, nagpapatunay; nguni’t ang makaluma, na karanasan ng pagiging ipinanganak na muli, ang mga ito’y. . . ito’y naging isang denominasyonal, intelektuwal na kaisipan, maraming musika, maraming hiyawan, at maraming kung anu-anong pinaggagagawa. Nguni’t, sa totoo, ang pusong laman na iyon, ang Espiritung iyon, ang Buhay na Walang Hanggan na iyon, tunay na naging dayuhan na po Ito sa iglesya.

³¹⁰ Dios, dinudurog nito ang sarili kong puso, at ako na isang—isang makasalanan na naligtas sa pamamagitan ng Iyong biyaya. Lubos nitong pinasasama ang aking pakiramdam, Ama, na makita ang iglesyang pinagbuwisan Mo po ng Iyong buhay, ang iglesyang sinisikap Mong tubusin. Naisip ko ang pangitaing kabibigay Mo lamang tungkol doon sa iglesya ng Estados Unidos at ng ibang mga bansa. Tunay na nakapanghihilakbot iyon na itsurang rock-and-roll na nagbuburlés. Nguni’t sa isang dako roon ay nakita kong paparating ang isa pa, na banal.

³¹¹ Dalangin ko, Ama, na kung ang sinuman sa mga naririto ngayong gabi na nakatalaga sa Buhay, o nagnanais na tanggapin

Ito, na maging ito nawa ang oras na gawin nila ito. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Durugin Mo po ngayon ang pusong bato, ang dating puso ng sanlibutan. At kung nais nila ng kapayapaan, nais nila ng isang bagay na nakapagbibigay-kasiyahan, isang bagay na nakapagbibigay ng katiyakan, nawa'y tanggapin nila ang pangunguna ni Cristo ngayong gabi upang akayin sila patungo sa isang—isang Kapayapaan na di masayod ng pag-iisip, isang Kagalakang di mailarawan sa salita at punung-puno ng kaluwalhatian, o maging sa isang bagay na kahit kamatayan mismo ay hindi makapananakit. Ipagkaloob Mo po ito, Ama.

³¹² Ngayon, habang ang ating mga kamay ay nakataas, iniisip ko kung. . . Gaano karami sa gusali ngayon ang kung maaari ay magsabi, “Tatayo ako.” Ngayon, wala sa akin kung sino man ang nakaupo sa tabi ninyo; ang Dios Iyon na kumakausap sa inyo. At talagang nais ninyong maging isang tunay na Cristiano. Kita n'yo? Anuman ay magiging. . . Maliban kung isa 'yang pagpapanggap; oh, mas gugustuhin ko pang lumabas at mapasa sanlibutan. Naniniwala akong mas gugustuhin mo, rin.

³¹³ Ngayon, suriin lamang ang inyong sarili sa Salita, sa pamamagitan ng Mensahe. Suriin kung ano dapat ang isang tunay na Cristiano: matatag, mapagmahal, hindi isa sa mga makabagong Cristianismong ito. Aba, ito'y malambot, nababaluktot, kalahating patay, bulok, na pinaghalong-lahi. Kita n'yo, hindi ito ang tunay na Cristianismo; nabubuhay sa kahit anong uri ng paraan, at kaanib sa iglesia. Ayaw ba ninyo niyaong matamis na pakikisama kay Cristo, ang Espiritu Santo, na inyong. . . ang pag-ayon ng inyong sariling puso sa Salita, kumikilos mismo patungo kay Cristo? Kung nais ninyo 'yon, at naghahangad na makita ng Dios ang tinatayuan ninyo sa gabing ito dito mismo sa grupo ng mga tao na ito, kung gagawin lamang ninyo ito.

³¹⁴ Sasabihin n'yo, “May magiging kabuluhan ba 'yan, Kapatid na Branham?”

³¹⁵ Oh, siyanga. Siguradong, mayroon nga. “Kung inyong ikahiya Ako sa harap ng tao, Akin namang ikahihiya kayo sa harap ng Aking Ama at ng mga banal na Anghel. Datapuwa't sa kaniya na ipahahayag Ako at tatayo para sa Akin dito sa lupa, Ako nama'y tatayo para sa kaniya sa Lupaing iyon. Aking ipahahayag siya sa harap ng Aking Ama.”

³¹⁶ Ngayon, kahit na sino ka pa, babae, lalaki, batang lalaki, batang babae, maging sino ka man, Cristiano man o hindi Cristiano, ministro, diyakuno, maging ano ka man, kung mananampalataya ka lamang nang buong puso mo, sa isang saglit lamang, at gawin ang ganito kahigit ngayong gabi upang ipaalam lamang sa Dios na tapat ka. “Dios. . .”

³¹⁷ “Ngayon tingnan mo, isa akong Pentecostal,” sasabihin mo. “Ganito ako,” o maging kung ano ka pa man. “Nag-aangkin ako

na nagsasayaw ako sa Espiritu. Nguni't, Kapatid na Branham, akala ko ba hangga't mayroon kami niyan, ay mayroon na kami Nito." Wala pa.

³¹⁸ Kung pinaniniwalaan ninyo ako bilang isang propeta ng Dios, makinig kayo sa aking mga Salita. Kita n'yo? Isa 'yang panlilinlang sa panahong ito. Hindi ba't sinabi ng Biblia, "Magiging halos magkatulad na magkatulad ito na ililigaw nito pati ang Mga Hinirang kung maaari"? Ang *Mga Hinirang*, "hanggang doon sa kaluluwa."

³¹⁹ Pero kung nagsayaw kayo sa Espiritu, na nagtataglay pa rin ng mga bagay ng sanlibutan, may kung anong bagay na mali. Kung nagsasalita kayo ng mga wika; sabi ni Pablo, "Magsalita man ako ng mga wika ng tao at mga anghel, at ni hindi pa rin maliligtas." Uh-huh, parehas na mga uri, kita n'yo. "Kaya kong gawin ang lahat ng mga emosyon, kaya kong magkaroon ng pananampalataya, kaya kong ipangaral ang Ebanghelyo, kaya kong ibigay ang lahat ng aking mga tinatangkilik upang pakainin ang mga mahihirap, kaya kong dalhin ang Salita sa mga larangan ng pagmimisyon sa bawa't panig ng...at ganoon pa man wala pa rin akong kabuluhan." Kita n'yo? Ito'y yaong Loob ng nasa loob, kapatid. Na...Humihiwalay ang inyong espiritu kapag namatay kayo, lumilisan na ito, nguni't nabubuhay ang inyong kaluluwa. Kita n'yo?

³²⁰ Tingnan ninyo ngayon ang sarili n'yo. Talaga nga ba, isa nga ba kayong tunay na Cristianong nakaayon sa Biblia, na puno ng pag-ibig ng Dios? Alalahanin ninyo, sinabi ng Biblia, sa mga huling araw kapag naganap na ang oras na ito, sabi Niya, "Isang anghel na naglalagay ng tanda ang nagtungo sa mga iglesya, nagtungo sa mga bayan, at tinatakan *lamang* yaong mga nagbubuntong-hininga at nagsidaing para sa kasuklam-suklam na ginawa sa bayan." Tama ba 'yan? Ezekiel 9, alam nating 'yan ay Katotohanan. Humayo ang anghel na naglalagay ng tanda at naglagay ng isang Marka sa kanilang ulo, noo, tinatakan sila, "Sila na nagbubuntong-hininga at nagsidaing."

³²¹ Pagkatapos niyaon ay nagsidating ang mga manlilipol na mga anghel mula sa apat na sulok ng mundo, na kaagad na dumarating, nakikita natin itong dumarating, mga digmaan na dumarating na mismo na siyang lilipol sa buong mundo. Walang anuman na hindi nila kayang galawin maliban sa kanila na mayroong Marka.

³²² Pumili ngayon...Lubha bang nagmamalasakit ang inyong puso para sa mga makasalanan, at sa kalagayan na ginagawa ng iglesya at mga tao, hanggang sa maghinagpis na kayo at dumaing tungkol dito araw at gabi? Kung hindi pa, nagtataka lang ako. Iyan ang Kasulatan.

³²³ Maaari ba kayong tumayo at sabihin, "Minamahal na Dios, hindi po ako nakatayo dahil sinabi ni Kapatid na Branham

ang gayon, kundi narinig ko ang kaniyang Salita na sinabi ang gayon, at gagawin ko ito. Sa Iyo, Panginoon, tumatayo po ako. May pangangailangan ako, Panginoon. Maaari Mo po bang punuan ang aking pangangailangan ngayong gabi dito sa dakong ito? Tumatayo po ako.” Pagpalain ka ng Dios. Pagpalain ka ng Dios. “May pangangailangan ako, nais kong kahabagan Mo po ako.” Pagpalain ka ng Dios. “Nais ko pong maging isang uri ng Cristiano na . . .”

³²⁴ Ngayon, alalahanin, ang tao na nakatayo sa inyong tabi ay kagaya rin ninyo. Nais ko na abutin lamang ninyo at hawakan ang kanilang kamay, sabihin, “Lalaking kapatid, babaeng kapatid, ipanalangin mo ako ngayon. Nais kong ipanalangin mo ako. Ako—ako . . .” Sabihin lamang iyon nang buong katapatang maka-Cristiano, “Ipanalangin mo ako. Ako’y . . .Ako—ako—nais kong maging matuwid sa Dios. Ipanalangin mo ako, mananalangin ako na bigyan ka ng Dios ng pagkakataon.”

³²⁵ Ako—alam ko na tayo’y . . .Hindi tayo maaaring manatili rito nang mas matagal-tagal pa; nakikita n’yo ’yan. Tayo’y—tayo’y nasa dulo na ng panahon. Lahat ng naniniwala diyan, sabihin, “Amen.” [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen!”—Pat.] Tayo’y . . .Wala nang nalalabi pa. Naparam nang lahat. Patungo na ang mga iglesya sa konsehong Ekumenikal. Ang sanlibutan, ito . . .

³²⁶ Tumingin dito! Alam ba ninyo kung ano ang sabi ng Panginoon tungkol sa Los Angeles at sa mga lugar na ito dito? “Wala na siya!” Naaalala ba ninyo kung ano ’yung sinabi ko sa inyo, mga dalawang taon na ang nakararaan, kung paanong darating ’yang lindol sa Canada hanggang dito, sa Alaska? Sinasabi ko rin sa inyo na “Ang Hollywood at Los Angeles ay guguhu na pababa sa karagatan. California, tapos ka na! hindi lamang ang California; kundi ikaw, sanlibutan, tapos ka na! Iglesya, malibang umayos ka sa Dios, tapos ka na!” GANITO ANG SABI NG ESPIRITU SANTO!

³²⁷ Narinig n’yo na ba ako na ginamit ang Pangalang ’yan maliban na naganap iyon? Tinatanong kayo! Dalawampung taon na ninyo akong kilala. May sinabi na ba akong anumang bagay sa Pangalan ng Panginoon kundi kung ano ang naganap? Kung ang lahat ng bagay na kailanma’y sinabi ko sa inyo na magaganap, ay naganap na nga, sabihin, “Amen.” [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen!”—Pat.] Kita n’yo? Sinasabi ko sa inyo, ngayon na ang oras, mabuti pa’y lumagay na kayo sa tama, tayong lahat.

Ngayon manalangin ang bawa’t isa para sa iba:

³²⁸ Minamahal na Dios, habang kami’y nakatayo rito sa gabing ito, isang bayang nag-aagaw-buhay, ang aming mga mukha’y nakatungo sa lupa, sa alabok. Kami lamang . . .Ibinigay Mo po sa amin itong nakakasakit na pangangaral, Panginoon. Nakita namin ang halimbawa ng dalawang lalaki. Isa sa kanila, bilang isang relihiyosong tao, ay nagtungo sa

iglesya nguni't tinanggihan ang pangunguna tungo sa Buhay na Walang Hanggan. At tinanggihan ng isa ang katanyagang makasanlibutan at *bumaling* sa Buhay na Walang Hanggan. At nakita namin kapuwa ang kanilang mga kalagayan ngayong gabi, ayon sa Biblia: ang mayamang lalaki ay nasa pagdurusa, at si Moises ay nasa Kaluwalhatian.

³²⁹ Ama, nais po naming maging gaya ni Moises. Nais naming magpaakay sa Iyong Banal na Anak, na si Jesus Cristo, tungo sa Buhay na Walang Hanggan. Ibigay Mo po Ito sa aming mga puso sa gabing ito, Panginoon. Wasakin ang dating pusong bato; ilagay sa amin ang bagong puso, ang pusong laman, ang pusong maaari Mong kausapin at kaugnayin, nang sa gayon ay hindi na kami maging palalo o walang pakialam. Huwag nawang lumisan kailanman ang Espiritu Santo, Panginoon. Pumarito nawa Ito at italaga ang mga taong ito. Mangusap sa kanila; wasakin ang matigas nilang mga kalooban at ipasok ang kalooban ng Dios. Iligtas Mo po ang bawa't isa, Ama. Bigyan Mo po kami ng Iyong pag-ibig. Dalhin kami sa isang dako, Panginoon, na makalalayo kami mula sa lahat ng—ng bahaging pang-emosyon, tungo sa isang tunay na purong bahagi ng damdamin. . . ang bahaging taos-puso, ang kataimtiman ng Espiritu, ang kasaganaan ng Dios, ang Kaharian ng Espiritu sa aming mga puso. Ipagkaloob Mo po iyon, O Dakilang Tagapanguna, dakilang Espiritu Santo, bago po Kayo patalilis na pumailanlang sa kalangitan kasama ang Iyong Iglesya.

³³⁰ O Dios, hayaan Mo po akong makasama, Panginoon. Huwag Mo po akong iwanan, Jesus. Hayaang makasama ako sa Iyo, Ama. Ayokong manatili rito sa mundong ito upang makita ang mga kapighatiang ito na paparating. Ayokong manatili rito sa kabaliwang ito. Ayokong manatili rito kung kailan ang mga kahindik-hindik na tanawin. . . ang mga tao'y nawawala na sa kanilang katinuan. Nakikita namin ang mga lalaki umaasta na gaya ng mga halimaw at mukhang mga halimaw na; at ang mga babae sinusubukang maging mukhang hayop, na may mga pinta sa kanilang mukha. Nalalamang ang mga bagay na ito ay iprinopesiyang magaganap, na ang bagay ay magiging, sila'y labis na mababaliw hanggang sa magsilitaw ang mga balang na may buhok na gaya ng sa mga kababaihan upang tugisin ang mga kababaihan; at mga ngiping gaya ng sa mga leon, at mga bagay na Iyong sinabi, ang kalagayan ng kaisipan ng mga tao ay lubusang mawawala na. Nakikita na namin itong nagkakagayon na ngayon mismo, Panginoon. Tulungan Mo po kami! Ibalik Mo po kami sa matinong pag-iisip ni Jesus Cristo na aming Panginoon.

³³¹ O Dakilang Tagapanguna ng Buhay na Walang Hanggan, tinatanggap namin ang Iyong pangako ngayong gabi, Ama. Nakikiusap po ako para sa mga taong ito. Nakikiusap po ako para sa bawa't isa sa kanila, sa Pangalan ni Jesus Cristo,

Panginoon. Dalangin ko na si Cristo na Anak ng Dios ay papasok sa mga puso ng bawat isa sa amin, Panginoon, at huhubugin kami at gagawin kaming mga bagong nilalang kay Jesus Cristo. Ipagkaloob Mo po iyon, Panginoong Dios.

³³² Iniibig Ka namin. At nais namin ang aming mga disposisyon. . . ang aming pagbabago na dumating sa amin, na kami po'y maging mga anak Mo, madama ang pagkilos ng Iyong Espiritu sa aming mga puso, Panginoon, pinapalambot kami at dinadala kami sa pagkaunawa dito sa baliw na panahong aming kinabubuhayan. Ipagkaloob po ito, Dios. Kung kailan aming nakikita ang mga kabataang babae na lubos nang nasilo sa sapot ng Diablo, mga kabataang lalaki, binaluktot na mga kaisipan, mga bata, mga lulong sa droga, humihitit ng sigarilyo, umiinom, imoral, ang Eden ni Satanas.

³³³ Dios, Ikaw po ay inabot ng anim na libong taon, ayon sa Biblia, upang maitayo ang isang Eden. At inilagay Mo po ang Iyong anak at ang kaniyang asawang babae doon (ang kaniyang nobya), upang pamunuan ito. At dumating si Satanas at pinasama ito; mayroon siyang anim na libong taon, at itinayo niya ang sarili niyang maka-intelektuwal na Eden sa pamamagitan ng agham, at ng edukasyon, at ng tinatawag na karunungan, at itinatag niya ito na isang patung-patong na kamatayan.

³³⁴ O Dios, muli kaming ibalik sa Eden, Panginoon, kung saan wala nang kamatayan, kung saan wala nang kapighatian. Ipagkaloob po iyon, Panginoon. Tumatayo kaming nagpapakumbaba, naghihintay sa pagparito ng ikalawang Adan para sa Kaniyang Nobya. Gawin Mo po kaming kabahagi Niya, Ama. Dalangin namin sa Pangalan ni Jesus. Amen.

³³⁵ Iniibig ba ninyo ang Dios? Nadarama ba ninyo. . . Napag-uunawa ba ninyo kung ano ang sinisikap kong sabihin sa inyo? Kung nauunawaan n'yo, itaas lamang ang inyong mga kamay, sabihin, "Nauunawan ko kung ano ang sinisikap mong sabihin." Nakikita n'yo ba ang kabaliwan ng kapanahunang ito? Tingnan n'yo kung paano ito lumala, ni wala nang katuwiran sa mga tao man lang. Wala na ito! Nasaan na ang ating. . . ? Maging ang mga tagapanguna.

³³⁶ Tingnan ang ating Presidente! "Kung gusto nila ng Komunismo, hayaang magkaroon sila nito. Anuman ang naisin ng mga tao, hayaang magkaroon sila nito." Nasaan na ang ating mga Patrick Henry, ang ating mga George Washington? Nasaan na ang mga pinuno nating kayang manindigan para sa isang prinsipyo? Wala na tayong mga ganito.

³³⁷ Nasaan na ang ating mga iglesia, ang ating mga ministro? Tatanggapin ang mga tao para subukin lang, o papasok, aanib sa iglesia at gagawin *ito* o magkakaroon ng kaunting sensasyon o kung ano. Nasaan na ang mga lalaking iyon ng Dios, yaong mga

propeta na naninindigan at malakas ang loob na sirain, labanan ang lahat ng mga bagay ng sanlibutan?

³³⁸ Nasaan na yaong mga lalaking may integridad? Nasaan na sila? Lubos na silang lumambot, at sa pamamagitan ng intelektuwal na mga kaisipan at mga bagay, hanggang sa mawala na sila rito. O Dios, kahabagan Mo po kami.

³³⁹ Itong mga kahindik-hindik na tanawin na darating dito sa lupa. Nakikita ninyo kung paano mismo kumikilos ang mga tao patungo rito. Isa itong kabaliwan. Nguni't kapag dumating na ang bagay na 'yan, wala na ang Iglesya.

³⁴⁰ Dios, itulot Mo po na maparoon kami. Iyan ang dalangin ko sa dakilang Supernatural na Persona na nasa loob nitong gusali ngayong gabi, ang dakilang Cristo na nagtataglay pa rin ng Buhay na Walang Hanggan. Dalangin ko sa Iyo, Cristo, habang naririto akong mulat ang mga mata, tumitingin sa iglesyang tinubos Mo ng Iyong Dugo. Dios, huwag Mo pong hayaang may isa man sa amin na maligaw. Nais namin na maging matuwid sa Iyo. Kaya linisin Mo po kami, O, Panginoon, mula sa lahat ng aming mga katampalasanan. Alisin Mo po ang aming mga kasalanan at mga gayong bagay.

³⁴¹ Nakita naming pinagaling Mo ang aming mga maysakit, binuhay maging ang aming mga patay (muling nagbalik sa buhay sa pamamagitan ng panalangin), at nakita naming naganap ang lahat ng mga bagay na ito, Ama. Ngayon ay ibalik Mo po *kami* sa Buhay, sa espirituwal; ibalik kami sa pagkatanto sa Buhay na Walang Hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. Ipinagkakatiwala ko po ang lahat ng ito sa Iyo. Sa Pangalan ni Jesus Cristo.

Till we meet! till we meet!

Till we meet at Jesus' feet;

Till we meet!

Tumingin sa Kaniya. Hayaang palambutin Niya tayo.

. . . we meet!

God be with you till we meet again!

³⁴² Itaas natin ang ating mga kamay ngayon:

Till we meet! till we meet!

Kapatid na Salano, kung sino man ang susunod. [May isang nagsasabi, "Mayroon pa ba?"—Pat.] Wala na. Pagpalain kayo ng Dios.



PANGUNGUNA TAG65-1207
(Leadership)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Martes ng gabi, Disyembre 7, 1965, para sa bangkete ng Full Gospel Business Men's Fellowship International sa Covina Bowl sa Covina, California, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2010 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org